*Authors note: If you have a hard time understanding the situation, I just want you to know that this story is written in third person point of view. I find a hard time to edit this story due to my personal reasons. Thank you for understanding. Smile ☺

Tumayo si Jane sa kanyang kinauupuan sa library nang matapos niyang basahin ang nobelang "The Host" ni Stephenie Meyer. Nagustuhan niya ang librong iyon dahil sa napakagandang twist ng istorya at dahil na rin sa babaeng bida na si Wanderer. Siya ay isang worm na nabuhay sa katawan ni Melanie Stryder- ang kanyang host. Ngumiti siya nang makita niya ang ultimate crush niyang si Ian Velasquez. Isa itong fourth year student sa kursong BS Architecture. Una niya itong nakita sa library din mismo nang naghahanap siya ng librong mababasa. Sakto naman na ng hugutin niya ang librong napili niya ay siya din ang paghugot ni Ian dito. Noong una ay hindi siya naka- react dahil sa gwapong hitsura nitong naka- close up sa kanya. Para siyang anak ng diyosa. Isa siyang anghel na nahulog mula sa langit at everything about him is awesome. Hindi niya namalayan na nakanganga na pala siya sa kanyang daydream. Saka lang niya namalayan nang ngumiti ng pagkatamis tamis ang kanyang kaagaw sa libro. Muling nag- flashback sa isip niya ang mga nangyari.

*"I'm sorry" sabi niya sa kanyang iginawi. Isinara na din niya ang kanyang bibig na kulang na lang ay maglaway siya at pasukan ng langaw. Nag- iwas na lang siya ng tingin at lumipat sa ibang bahagi ng shelf.*

*"Hey wait, ikaw atang nauna. I should be the one leaving this to you right?" pahabol ni Ian sa kanya. Bahagya naman siyang kinilig. Aba gentleman pa! Perfect ka na fafa! Sabi niya sa kanyang isip. Ngunit hindi niya dapat ito ipahalata dahil hindi niya nature ang pagiging flirt. She is known to be conservative and idealistic. Kaya no way na malalaman ng lalaking ito na gusto niya ito.*

*"No, actually tapos ko na yan. Gusto ko lang ulitin so sayo na lang." ngumiti siya dito na parang camera ba ito.*

*"Ngayon lang ako nakakita ng babaeng nagbabasa ng novels ni Robert Ludlum. What's your favorite novel of his?" napamanghang sambit niya dito. Ngumiti naman si Jane na parang na- flattered.*

*"Hindi naman masyado. Naimpluwensyahan lang ako ng papa ko. Siya ang mahilig diyan. Pero sa totoo lang gusto ko yung The Bourne series niya. Astig kasi eh. Ikaw?" Nagsasabi naman siya ng totoo dahil tapos na niya ang mga librong iyon.*

*"Oh. Maka- Jason Bourne ka pala." Ngumiti ulit siya na parang may camera sa harap niya. Oh that lovely smile. It can really kill! If looks can kill nga naman. "The Matarese circle sa akin." Magsasalita na sana siya nang may lalaking lumapit sa kanya at sinabihang aalis na raw sila. Bahagya siyang nalungkot dahil hindi niya pa ito nakilala. Tumalikod siya na nakasimagot at naghanap na lang ng ibang libro. Binalikan niya ang pwesto ng kausap niya kanina at may nakitang kulay berdeng bagay doon. Agad niya naman itong kinuha at nakita niyang library card iyon ng lalaking kausap niya kanina. Ian Velasquez. BS Architecture. Sa nabasa niyang iyon ay nasiyahan siya. Parehas lang sila ng School. Yun nga lang ay*

*Chemical Engineering ang kinukuha niya. At base sa ID number nito ay nasa ikaapat na taon ito. Simula noon ay lagi niya itong inaabangan na balikan ang librong iyon upang kunin na rin ang library card niya. Natupad naman ang kinahihintay niya. Isang linggo na ang nakalipas nang nakita niya itong nakaupo at tumitingin ng mga litratong pwede niyang i- drawing sa kanyang plate. Hindi na siya nagdalawang isip pang lapitan ito.*

*"Kuya, excuse me po." Tawag niya dito na ikinaangat naman ng ulo ng isa. Ngumiiti siya nang makita siya ni Ian.*

*"Ibabalik ko lang po yung library card niyo. Naiwan niyo kasi noon." Sabi niya na may kasunod na ngiti. Pakiramdam niya ay para siyang freshmen student samantalang third year na siya. Kulang kasi siya sa height at nakita nga niyang hanggang balikat lang siya ni Ian. Ian she thought must be six feet tall.*

*"Thank you. Thank you talaga. Kailangang kailangan ko talaga ito ngayon. What's your name nga pala?"*

*"Jane Reyes po kuya."*

*"Well Jane, huwag mo na akong i- po pag may kuya. Feeling ko tuloy ang tanda ko. Twenty palang ako. At kung di ako nagkakamali higher year ka na rin tulad ko." Namangha siya. Pano niya nalaman. Binalot ng tanong ang kanyang mukha na siya namang nahalta ng kausap niya.*

*"I saw your book. Sa Chemical Engineering yan diba? Third year." Siguradong siguradong sagot niya.*

*"Paano niyo po alam?" saka niya naalalang huwag na daw niya itong i-po. "I mean pano mo nalaman?"*

*"I have a brother. Chemical Engineering din siya. Third year din." Sabi nito sa kanya.*

*"Anong block niya?" interesadong tanong niya dito. Kung gwapo ang kuya ibig sabihin gwapo ito!*

*"Block A. Gian Velasquez." Napasinghap siya nang marinig ang pangalang iyon.*

*"Kapatid mo si Gian?" nagulat na tanong niya dito. Kahit nawala sa isip niyang Velasquez nga pala ito.*

*"Nakakagulat ba? Pangit ba ako masyado at gwapo siya?" natatawa na tanong niya sa kanya. Umiling siya bilang sagot. Guwapo si Ian. Pero mas gwapo si Gian. Idagdag pang matalino ito at humahataw sa listahan ng Dean's Lister. Pero saksakan ito ng kakulitan at kayabangan. Naalala niya nang ito ang naging DL no. 1 ng Chemical Engineering at sa buong School of Engineering and Architecture at siya naman ay no. 5 lang. Pinagtawanan siya nito at sinabing yun lang daw ba ang maibubuga niya. Sobrang inis niya ay nakipagpustahan siya na kapag siya ang magiging number one ay magiging alila niya ito ng isang buwan. Pumayag naman si Mr. Yabang.*

*"Hindi naman. Siya ang DL no. 1 simula nung first year kaya nagulat ako. Tsaka kaklase ko siya ngayon."*

*"Talaga? Oo siya nga. Proud kami dun sa gagong iyon. Hindi nga nag- aaral iyon eh. Bestfriends kayo?"*

*“Ha? Bestfriends?” yes best as in best rivals! “Hindi ah. Pano kami magiging bestfriends eh hindi kami close. Ikaw naman nagpapatawa. Haha aalis na ako. Bye.” Tumayo na lang siya agad at hindi na lumingon pa.*

Nginitian naman siya nito at dahil doon ay nag- flutter ang kanyang heart. Maganda na sana ang kanyang araw nang biglang may humarang sa kanya. Iyon nga ay ang lalaking gusto niyang maging alila. Si Gian Velasquez. Nakasuot ito ng salamin na may frame na black. Bagay na bagay sa kanya ito. Lalo na’t gwapo siya, may tindig, hindi nerdy tignan at higit sa lahat ang kanyang mga ngiting makalaglag panga. Pero sorry siya dahil hindi iyon umuubra sa kanya. Masyado kasi itong presko at feeling niya lahat may gusto sa kanya.

“Tapatin mo nga ako.” Maangas na sabi nito. Napataas naman ang kilay niya sa iniakto nito.

“Magkatapat na tayo.” Pilosopong sagot niya dito.

“Sabi ko tapatin hindi tapatan. Ganyan ka ba talaga kahina? Pano ka magiging top one? Kung lagi kang ganyan, matatalo ka sa deal natin. O baka naman talagang nagpapatalo ka lang para maka- date ako at maging boyfriend mo?” proud nitong sabi sa kanya. Iyon naman ang kondisyon ni Gian kapag hindi siya ang magiging number one. Magdede-date sila for two weeks at ang natitirang linggo ay magiging girlfriend niya ito.

“Excuse me Mr. Yabang, hindi ko pinangarap maging boyfriend ang mga katulad mong presko. Tsaka huwag kang mag- alala magiging alila kita. Tandaan mo ito—” hindi niya naituloy ang sasabihin niya dahil inilapit niya ang mukha niya sa mukha niya. Kumurap kurap muna siya dahil feeling niya ng duling na ang mata niya. “Pwede bang lumayo ka ng konti? Ang lapit mo eh.” Tinulak niya ito ng kaunti at bumalik sila sa dati nilang tindig. Bahagya namang ngumiti si Gian.

“Bakit, naiinlove ka na sakin?” asar nito sa kanyang nagpapacute pa.

“Hindi no! Kapal mo. Tandaan mo hindi ko type ang mga katulad mo.” Ipinagmamalaking sambit niya dito.

“Bakit? Dahil ba siya ang gusto mo?” pagkatanong niya ay hinawakan siya nito sa balikat at hinawakan ang kanyang mukha at iniharap ito sa direksyon kung nasaan ang kuya Ian niya. Naiinis na binalingan niya ito ngunit bigla siyang kinabahan. Paano niya nalaman?

“nagulat ka ba dahil alam ko? Bilib ka na sa kin? Genius kasi ako.” Mayabang na sagot niya sa mga mata niyang nagtatanong.

“Tapatin mo nga ko, pano mo nalaman? Kay Sue ko lang sinabi yun ah.” Si Susan Angeles ang kanyang bestfriend na isang Chemical Engineering student rin. Kaklase nila ito ngayon sa dalawang subjects.

“Naaalala mo ba to? Oh my gosh Sue! Ithink I found my only true love! Kinausap niya ako kanina. Ang gwapo gwapo niya! Isa siyang tunay na Adonis!” paggaya niya sa boses babae nito at pati na rin ang patili nitong salita. Naalala niyang sinabi niya ito kay Sue sa likod ng gym na kung saan ay walang

pumupunta dahil boring ang place na iyon. Doon niya rin sinabi sa kanya ang pangalan at sabay bigkas ng I love you.

“No way! Pano mo narinig? Walang tao noon!” nahihiya na siya kay Gian.

“Look, tambayan ko iyon. Nagulat nga ako noong may maingay doon. Hindi ko akalaing ganon ka pala pag kinilig. Ang OA grabe!” nakangiting sabi niya. Hinampas naman niya ang balikat niya at nahahalata nang nahihiya siya dahil nararamdaman niya ang pag- init ng mukha niya.

“Look, hindi ko naman sasabihin sa kuya ko na gusto mo siya. Sasabihin ko lang na tumili tili ka ng I Love You Ian Velasquez!”

“Stop it. Nakakahiya na. Please huwag mong sasabihin.” Pakiusap niya dito.

“Hindi ko sasabihin. Lalaki ulo nun pag sinabi ko.” Assurance niya rito.

“Promise?” taning niyang parang batang naninigurado.

“In one condition.” Biglang ngumiti ito. Kinabahan naman siya.

“What?”

“Date tayo sa Sunday.” Nagulat siya sa sinabi nito.

“Hindi pwede.  Ayoko.” Umiiling iling pang sagot nito.

“Bakit ilang taon ka na ba at bawal kang pa ring makipag- date? Kinse? Diba Bente ka na?” nakangiting nang- aasar ito.

“Ang yabang mo! Mag- eeighteen pa lang ako no!” seryosong sagot nito.

“Ows?” tila di naniniwala sa kanya.

“Oo kahit tignan mo pa yung ID ko. Maaga lang akong nag- aral kaya ganyan. Hindi ako pwedeng makipagdate sa hindi ko gusto. Okay lang kahit sabihin mo sa kuya mo lahat lahat.”

“Okay sige.” Akma na niyang lalapitan si Ian pero hindi niya ma- take ang kahihiyan. Hinila niya si Gian.

“Oh bakit? Makikipagdate ka na?” kahit napipilitan siya ay tumango na lang siya bilang sagot. Bigla namang ngumiti hanggang tenga si Gian na ikinatawa niya.

“Bakit ka tumatawa?” tanong niya.

“Wala.” Sagot niya namang natatawa pa rin.

“Half day sa Sunday. Marami akong gagawin.”

“Whatever you wish my lady.” Umasta pa itong parang reyna ang kaharap niya.

Nakaupo si Jane sa bench malapit sa garden ng kanilang building. Hindi pa rin mawala sa isip niya ang date nila ni GIan.Hindi din niya mawari kung maituturing na date iyon o isang great disaster. Dinala siya ni Gian sa isang bar na kadalasang pinupuntahan ng mga kabataang katulad nila.

*"San 'to?" tanong niya kay Gian*

*"Walang Santo dito" pilosopong baling niya dito.*

*"Pilosopo! Nagtatanong ako ng maayos" sambit niyang ikinangiti naman ng isa*

*"Ayusin mo kasi. Bar ito ng pinsan kong si Russel" pagkasabi niya ay tumungo na sila sa isang private area.*

*"Ah kaya pala RV's Vistro Bar." Sabi niya na tumango tango pa. "Bakit tayo dito tumuloy? Hindi ba sa park o sa Jollibee?"*

*Ngumiti lang si Gian. At dahil sa ngiting iyon ay tinakpan niya ang kanyang dibdib sa pamamagitan ng kanyang mga kamay at suminghap. Ayaw niya ang pumasok sa isip niya.*

*"Hindi ako gaya ng iniisip mo. Wala namang kaakit- akit sayo eh. Parang wala ka ngang tinatakpan diyan. Ano bang tinatakpan mo diyan? Yang damit mo?" nang- aasar na tanong niya. Nanalo ito. Naasar nga si Jane. Kumbaga sa anime ay naulanan siya ng pana o kaya naman ay nadaganan ng malalaking bato dahil sa kahihiyan. Alam niyang hindi gaanong marami ang adipose tissues sa kanyang hinaharap. Tanggap niya iyon. Ang hindi niya matanggap ay ang ipangalandakan pani Gian na wala talaga siyang ganon tulad ni Super G at walang kaakit- akit sa kanya. Tumahimik na lang siya at umaayos ng upo.*

*"Bakit gusto mo sa Jollibee? Pambata lang iyon."*

*"Hindi ah. Kahit katulad ko kumakain pa rin sa Jollibee. Walang pinipiling edad ang mga fast food chains no" sagot niya sa tanong niya at pinagsiklop ang kanyang mga siko.*

*"So isip bata ka pala. No wonder ganon ang ipinusta mo sa kin. Napaka- childish. Tsk tsk." Umiling pa ito. Pinalo siya ni Jane sa balikat na ikinagulat niya.*

*"Hindi ako isip bata no! Feeling mo naman hindi childish yung ipinusta mo sakin? Sabagay hindi nga naman talaga dahil para sa mga desperadong lalaki lang iyon." Tumawa pa siya na parang isang kontrabida.*

*"Hindi ako desperado. Naawa lang ako sa iyo kasi wala man lang may gustong lumapit at manligaw sa iyo. Kawawa ka naman." Hinaplos niya pa ang kanyang buhok na para bang awing awa talaga siya dito. Pinalo na naman niya ito.*

*“Ang yabang mo talaga!” tumayo siya sa kanyang upuan at padabog na lumabas ng pintuan. Naiinis siya kay Gian. Wala na talaga siyang ginawa kundi asarin siya. Yabang! Nakakainis ka! Sigaw niya sa isip niya. Medyo malayo na siya sa kanyang pinanggalingan nang maalala niyang hindi niya pala kabisado ang lugar. Kanina pa siya gustong tawagin ni Mother nature pero hindi niya magawa dahil sa asar niyang kasama. Wala na siyang magagawa pa. Kailangan niyang magtanong kay Gian. Agad siyang bumalik sa kanilang pwesto. Nagulat naman ang kasama niya.*

*“Oh! Bumalik ka, ikaw naman na miss mo ako agad.” Ngumiti pa ito. Ang ganda talaga ng mga ngiti nito. Lalo itong gumagwapo. Pero nang maalala niya ang mga criticism na binanggit niya kanina ay napalis ito.*

*“San ang CR dito? Naiihi na ko eh” natatarantang sabi niya. Ihing ihi na siya at ang bagal pang sumagot ni Gian.*

*“Mula dito, turn to the left. Madadaanan mo ang mga taong nanonood ng live band after nun pag may nakita kang white lights at ang naiilawan non ay isang abstract painting pumasok ka doon. Tapos makikita mo na ang mahiwang CR.”*

*“Samahan mo ko please” pagmamakaawa nito*

*“Sa loob ng CR? Sige ba!” Excited naman na wika nito. Tumayo siya agad at lumapit sa kanya. Hinila siya nito. Hawak ang kanyang kamay, sabay silang naglalakad papunta sa CR. Nakarating naman sila sa sinasabi ni Gian na white lights lighting an abstract painting. Papasok n asana siya nang napansin niyang hindi pa rin siya binibitawan ni Gian.*

*“Pwede mo na akong hintayin dito.”*

*“Akala ko bas a loob ng CR?”*

*“Gagz! Anong akala mo. Patayin kaya kita diyan!”*

*“E di wala ka nang kasamang uuwi? Makukulong ka pa. Kawawa ka naman”*

*“Oo na oo na hindi na. Naiihi na talaga ako.” Pagkasabi niya ay agad siyang pumasok sa CR.*

*Nakita niyang nakatayo si Gian sa tabi ng abstract painting. Parang ang lungkot ng mukha nito. Kahit suot nito ang eyeglass niya ay nakikita niyang malungkot ang mga mata niya. May koneksiyon ba sa buhay niya ang painting na iyon?*

*“Huy! In love ka na sa painting!” pagulat na bati niya dito.*

*“Hindi. May naalala lang ako.” Malungkot na sambit nito. Bahagya siyang nanibago sa inasta nito. Hindi siya ang Gian na kilala niya. Mas bagay nito ang tahimik. Mas lalo siyang gumgwapo.*

*“Sus, ano naman iyon?” pagbabago niya ng mood sa pagitan nila*

*“Sa susunod na punta natin dito. Sasabihin ko. Secret muna sa ngayon.”*

*“May paganyan ganyan ka pang nalalaman. Paano kung wala nang next time?” makulit na tanong niya rito.*

*“There’s always a next time.” Seryosong sambit niya.*

*Naglalakad sila pabalik sa kanilang “private table” sabi nga ni Gian. Nalaman niyang in- offer pala iyon ng pinsan niya para sa kanilang dalawa. Kay Russel ang area ng bar na iyon. Doon daw ito kapag gusto niyang mapag- isa o kaya naman ay may kasamang babaeng natitipuhan niya. Bigla siyang nasilaw nang may spotlight na tumutok sa mukha niya.*

*“Ano ba iyan, ang sakit sa mata.” Sambit niyang tinatakpan ang kanyang mukha.*

*“Oh! She’s the lucky one! Please come on stage pretty girl.” Narinig niyang sambit ng host. Bigla siyang kinabahan dahil baka anong ipagawa sa kanya. Binalingan niya si Gian with a curious look. Lumapit ito sa kanya at hinila papunta sa stage. Nagtataka man ay nagpahila naman siya rito.*

*“She’s with me” ma awtoridad na sambit niya sa host. Kilala siguro siya nito kaya naman biglang tumango ito. Nakatayo na sila sa entablado na kung saan ay may mga lalaking hindi niya maiintindihan ang hairstyle. Miyembro ito ng bandang tumugtog kanina. Namukhaan niya kasi ang drummer. Gwapo ito at siya ang may pinakamaayos na porma.*

*“Anong kanta?” tanong ng drummer. Ngumiti ito nang balingan niya. At agad din niyang binawi ang tingin sa kanya dahil si Gian na ang kausap nito.*

*“Kamusta si Ian?” tanong ng drummer sa kanya*

*“Pa charming pa rin iyon kuya. Ayos naman siya.” Sagot nito*

*Nagtaka siya sa pagsabi nito ng Kuya. Magkamag- anak ba sila? Nagtatakang binalingan niya si Gian.*

*“Siya si Kuya Russel” sagot niya sa nagtatakang mukha ni Jane. “Siya naman si Jane kuya.” Baling niya kay Russel. Ngumiti ulit ito. No wonder lahi nila ang magandang features ng physical aspect. Talented din ang mga ito.*

*“Anong kanta?” tanong niya ulit.*

*“Yung dati” sagot ni Gian. Agad namang sumenyas si Russel sa mga kabanda niya at bigla niyang pinatunog ang drumsticks. One, Two, Three at tumugtog na sila. Noong una ay hindi niya pa alam kung ano iyon. Pero nang marinig niya ang lead guitarist ay nalaman niya ang kanta. Kung maiibabalik ko lang ang title ng kantang iyon. Bigla siyang nanginig nang tumingin lahat sa stage.*

*“Gian hindi ako kumakanta.” Bulong niya kay Gian. Kinakabahan talaga siya. Sa totoo lang ay magaling siyang kumanta. Hindi lang niya pinaparinig sa iba ang boses niya dahil nahihiya siya.*

*“Kaya mo yan. Nasa papel ang lyrics, sundan mo na lang iyong tono. Linya ko na.” itinutok ni Gian ang mic at nagsimula nang kumanta.*

*"'di ako mapakali, ano ba 'tong tumatakbo sa isip…" napatingin siya kay Gian.Nagulat siya sa napakagandang boses nito. Hindi niya alam na marunong din pala itong kumanta bukod sa magaling itong mag- violin.KInabahan siya nang malapit nang matapos ang linya niya. Bahala na sabi niya sa isip niya. Itinutuk niya ang mic sa kanyang bibig nang patapos na ang last line.*

*"Umaagos ang luha, punong- puno ng dusa. Pag- ibig na wagas, nagkaroon ng wakas." Nakapikit na kanta niya. Nang dumilat siya ay nakita niya ang namanghang mukha ni Gian. Nginitian niya ito. At sabay silang umawit ng chorus.*

*"Kung maiibabalik ko lang ang oras na ikaw ay kapiling nakayakap sa akin. Kung maiibabalik ko lang ang lahat ng nangyari, siguro ay tayo parin." Kanta nilang dalawa.*

*Nagpalakpakan ang lahat ng tao sa bar. Pati na rin ang mga miyembro ng banda. Si jane naman ay tahimik lang dahil hindi pa rin siya makapaniwalang kumanta siya sa harap ng maraming tao. Bumaba na sila sa stage ni Gian at pumunta sa dati nilang pwesto.*

*"Bakit 'di mo sinabi sa akin?" tanong ni Gian sa kanya*

*"Na alam ko iyong kanta?"*

*"Hindi, na magaling kang kumanta." Nakangiting sambit niya na halta pa rin ang pagkamangha.*

*"Bakit? Ikaw din naman ah." Sagot niya. Tahimik silang dalawa. Natigil ang katahimikan nang tumunog ang tiyan niya. Nagkatinginan sila at nagtawanan.*

*"Gutom na ko, sorry." Sabay ang nahihiyang pagtawa nito.*

*"Akalako  kumulog na ay mali, akala ko umutot ka. Nakakahiya ka talaga." Pang- aasar nito.*

*"Ang yabang mo talaga! Nakakainis ka na ah!" sambit niyang parang nagtatampo.*

Bigla siyang natauhan  nang marinig ang cellphone niya. Nagtext si Sue at tinatanong kung nasaan ito. Naalala niyang ipinapakwento nga pala nito ang nangyari kahapon. Tumayo na siya at nagtungo sa canteen kung nasaan si Sue.

"Sue!" tawag niya sa maputing babaeng mas matangad sa kanya. Kulot ang buhok nito at may highlights ng light brown.

"Ang tagal mo ah. Lumamig na tong spaghetting binili ko sa Jollibee." Sambit niya habang tinatanggal ang plastic nito.

"Nag- abala ka pa" sabi niya at sumipsip ng coke.

"Pwede namang thank you Sue, how sweet of you ang sagot mo diba?"

"Thanks Sue, how sweet of you" panggagaya niya sa boses at action nito

"Gagz! Ikwento mo na ah!" excited na sambit niya. Agad namang naging curious look ang mukha niya.

“Hey, are you alright?” ngalingaling tanong ni Gian sa kanya ngunit di parin siya sumasagot. Nakatunganga lang ito at nanginginig sa takot nab aka habulin siya ng aso at lapain ng bonggang bongga. Napansin ng kasama niyang halos hindi na siya makahinga.

“Jane! Ayos ka lang ba?” saka siya natauhang may tao pala sa harap niya. Doon niya lang din napansin na kanina pa pala niya pinipigil ang paghinga niya. Bigla na lang nandilim ang paningin niya at nawalan na siya ng malay.

Masakit ang ulo niyang bumangon sa  isang malambot na kama. Hindi na niya maalala kung pano siya napunta sa bahay na iyon. Basta ang alam niya ay nakakita siya ng asong parang lalapain siya ng buhay. Bigla niyang naalala ang kasama niya. Tumayo siya sa at dali daling lumabas ng kwartong hindi niya alam kung sino ang nagmamay- ari. Naglalakad siya sa hallway ng bahay nang biglang tumunog ang grandfather’s clock na nakalagay sa gitna. Alas- sais na ng gabi. Napansin niyang maganda ang bahay at napakalaki nito. Walang- wala ito sa bahay nila. Siguro ay kalahati lang nito ang bahay nila. Hinahanap niya si Gian. Kailangan niyang malaman kung okay lang ba siya o baka nilapa na siya ng aso kanina. Bumaba siya ng hagdan ng dahan dahan. Nang nasa pangalawang apakan na siya ay napaupo siya sa gulat. Naitama ang pwet niya sa matigas na hagdan.

“Ayos ka lang?” tanong ng isang babae sa kanya. Tansya niya ay mga early forties na ito. Napakaganda niya kahit na simple lang ang damit nito. Idagdag pa ang napakagandang mata nito. Tumango siya habang tinutulungan siyang tumayo ng babae.

“Thank you po, Mrs…” hindi niya alam ang sasabihin niya dahil hindi naman niya ito kilala. Ngumiti ang babae. Napakaganda talaga nito.

“Mrs. Mariza Velasquez. Just call me Tita Mariz.” Inilahad pa nito ang palad niya. Inabot naman niya ito.

“Nice to meet you po. Tita Mariz.” Naguguluhang sambit niya. Nagtataka siya kung bakit siya nasa bahay ng mga Velasquez. “Um, may itatanong lang po ako.”

“Yes?” malumanay na sagot ng babae. Inako naman siya nito na umupo sa sofa.

“Bakit po ako nandito sa bahay niyo?” tanong niya habang paupo sa sofa. Kahit obvious naman kung bakit siya nandun ay tinanong niya pa rin ito.

“Gian brought you here. Grabe, ngayon ko lang siya nakitang nataranta ng ganon” Ngumiti pa ang babae sa naalala.

“Wait lang hija, may tanong din ako.”

“Ano po iyon tita?”

“Girlfriend ka ba ni Gian?”nakangiting tanong nito. Nagulat naman siya sa tanong nito.

“Hindi po tita, kaklase niya lang po ako. Nothing special po.” Agad niyang sagot sa tanong nito. Halata sa boses niya ang pagakagulat sa tanong ng babae. Nararamdaman niya ang pag- init ng mukha niya.

“Well, ganon ba? Sayang naman. Akala ko naman eh ikaw na ang “the one” para sa kanya. Akala ko talaga ikaw kasi sa mga iginawi niya kanina.” Umiling- iling  pa ang babae.

“What do you mean tita?” tanong niya ulit.

“Well, he said he needed help. Alam mo bang inutusan niya pa akong kunin ang first aid kit sa clinic ng papa niya, which is, a drive away from home. Akala ko naman kung anong nangyari. Nang tinanong ko, sabi niya, you fainted.” Tumawa ng konti ang ginang at natatawa na rin siya. “I said, masyado naman siyang OA. Inutusan ko na lang siyang pahigain ka muna sa kwarto niya hanngang sa magkaroon ka ng malay.”

“Ginawa niya po iyon?” namanghang tanong niya.

“Yes. You see, hindi ko maisip na kaya niyang gawin sa isang babae ang maging overprotective. He was known to be conceited and rude. Mayabang and the like. Do you consider him as that?” nang tinanong siya nito ay  nagiwas siya ng tingin at biglang ngumiti.

“Well, opo tita. What I mean is, naririnig ko nga po iyon sa isang kaklase namin.”

“Really? She’s  honest. That’s good. Mas magandang may nagsasabi sa kanya ng mga ganon para hindi lumaki ang ulo niya. But it’s odd, palagi kasi siyang pinupuri daw ng iba kwento niya sa akin.” Tumawa ang ginang pagkasabi niya nito. Wala man lang itong kaalam alam na siya ang taong iyon.

“Nasaan na po pala siya?”

“Baka nasa music room niya. Sabi niya, I’ll just call him if you’re awake but it should be better if ikaw na lang ang pumunta sa kanya. Okay?” nagthumbs- up pa ang ginang sa kanya.

Nakatingin si Jane kay Gian habang hawak nito ang violin niya. Napaka- iba ng aura nito. Iba talaga ang nagagawa ng musika sa isang tao. Naririnig niya ang tinutugtog nito. Violin version ng *you’ll be in my heart* ni Phil Collins ang tinutugtog nito. Isa iyon sa mga paborito niyang kanta sa Tarzan. Bakit nga ba sa dinadami ng taong pwedeng tumugtog nun ay si Gian pa ang nakita niya? At ang nakakapagtaka ay bakit iyon ang tinutugtog niya. Pinagmasdan niya ito na nakakunot noo. Pasadya niyang pinagmasdan ang mukha nitong parang anghel. Mula sa mapupungay na mata nito na walang salamin ngayon, sa ilong niyang hindi naman parang pang- aristocrat sa tangos at sa mga labi niyang malambot at parang masarap halikan. *Masarap halikan? Where did those adjectives come from?* Dahil sa sigaw ng utak niya ay pinalis niya ang ideyang iyon. Sunod niyang pinagmasdan ang bawat daliri nitong nakapindot sa bawat strings ng violin. Nadala siya sa emosyong dulot ng kanta at sa mga expressions na iginagawad ng tumutugtog. As in, feel na feel ni Gian ang kanta. Talagang maririnig mo ang sigaw ng puso niya sa bawat tunog na nalilikha ng musika niya. Naramdaman niyang nakanganga na siya at dahil doon ay bumalik siya sa huwisyo at naibalik ang dati niyang nakakunot na noo. Sakto naman ang pagtigil na ni Gian sa

pagtugtog. Habang isinusuot nito ulit ang kanyang salamin ay saka pumasok si Jane sa music room ng pabigla. Nagulat naman si Gian sa pagdating niya.

"Oh, gising ka na pala. How are you?" tanong nito habang ibinabalik niya ang violin sa lalagyan nito.

"Ayos na ako. Ang galing mo palang tumugtog akala ko hindi." Pagkasabi niyang iyon ay tumawa siya ng mahinhin.

"Yabang nito. Uy, anong ginagawa mo?" tanong ni Gian nang hawakan ni Jane ang itatago na sana niyang bow ng violin.

"Pwedeng tumugtog? Isa lang." nakangiting tanong niya dito. Bahagya namang nagulat si Gian.

"Tumutugtog ka ng violin?" tanong nitong nakangiti.

"Kung makangiti naman to. Bakit? Sasabihin ko bang tutugtog ako kung hindi?"

"Eh malay ko ba kung gusto mong sirain tong Baby ko?" sa pagkasabi niyang iyon ay napatawa si Jane ng malakas.

"Baby ko? Grabe ang arte nito."

"Yabang mo. Oh sige na nga." Iniabot na nito sa kanya ang bow at saka niya ulit kinuha ang violin sa lalagyan nito.

"Napipilitan ka lang ata eh. Huwag na nga." Sagot niyang kunwaring nagtatampo.

"Eto naman, nilabas ko na nga. Sige na para malaman ko kung mas magaling ka sa akin. Malay mo kahit sa larangan ng musika eh talo pa rin kita?" nang- aasar na sambit nito.

"Ang yabang mo hindi no. Mas magaling nga akong kumanta sayo." Pagmamalaking sabi nito.

"O sige na. Sige na ah. Ano ba ip-play mo?" tanong nitong parang excited malaman kung ano.

"Yung violin part lang ng Only when I sleep alam mo ba iyon?" tanong nito habang nilalagay na niya sa balikat niya ang violin.

"Siguro malalaman ko kung magsisimula ka na." sambit naman ng isa at sabay sumandal sa wall.

"Oo na excited." Pagkasabi niyang iyon ay tumugtog na siya. Hindi siya pumikit habang tumutugtog. Nakangiti ito at nag- eenjoy sa pagtugtog. Nang balingan niya si Gian ay nakatitig ito sa kanya na para bang may gustong ipahiwatig ang mga titig niya. Dahil doon ay nag- iwas siya ng tingin at itinuon na lang kanyang pansin sa kanyang mga daliring pumipindot sa strings. Nang natapos siyang mag- play ay pumalakpak si Gian.

"The Corrs ba yung kumanta nun?" tanong nito.

“Oo. O ito nang Baby mo.” Iniabot na niya ang violin nito sa kanya. Pagka- abot nito ay ngumiti ito ng todo na nagpatibok sa puso niyang dati ay dormant lang. Bigla siyang nanibago sa nararamdaman niya.

“May utang ka pa sa akin.” Agad namang sambit ng lalaki pagkatapos niyang iligpit ang violin. Nagulat naman si Jane sa  sinabi niya.

“Anong utang? Excuse me hindi ako umuutang no.” Mataray ng sagot nito. Tumikhim lang si Gian.

“May plema ka ba? Ilabas mo lang.” pagkasabi niyang iyon ay tumalikod na siya at naglakad palabas. Hinabol naman siya ni Gian.

“As in? Ms. Jane Alfia Reyes? Wala kang utang?” ulit nitong tanong.

“Yes Mr. Gil Andrei Velasquez, wala akong utang. Promise!” Itinaas pa nito ang kanang kamay niya at ngumiti ng abot sa tenga saka niya pinalis ito at tumalikod.

“Baka may nakakalimutan kang sabihin sa akin? Kahit isang word lang ayos na sa akin.” Dahil sa pagkakasambit niyang iyon ay bigla niya itong binalingan.

“Ang kulit mo talaga. Sabing wala eh…” sa pagkakasambit niyang iyon ay biglang pumasok sa isip niya kung nasaan siya. Nasa pamamahay siya ng mga Velasquez at ligtas na siya sa asong gustong lumapa sa kanya kanina. At ang lahat ng iyon ay dahil sa ugok na kaharap niya ngayon. Yon ba ang utang na sinsabi niya? Shit! Ang tanga ko! Bakit ko nakalimutan? Pakiramdam ko ang sama kong tao! Sigaw ng kanyag isip.

“Gian, uhm..” nahihiyang sambit niya.

“Yes?” tanong naman niya na parang nang- uuyam.

“Uhm, kanina…”

“Uh- huh? Ano yung kanina?” nang- aasar na lumapit pa ito sa kanya.

“Yung kanina…” hindi na niya kaya ang kahihiyan. Bigla na lang niyang niyakap si Gian. “Sorry. Sorry talaga nakalimutan ko. Ang tanga tanga ko kasi. Sorry.” Naiiyak na siya. Talagang napakababaw ng luha niya at madali siyang nakokonsensya lalo na kapag may nagawa siyang kasalanan.

“Uy, Jane okay ka lang?” tanong ni Gian na halatang nagulat sa ginawa ni Jane. Ngunit hindi pa rin bumitiw ito sa kanya.

“Sorry talaga Gian. Hindi ko man lang nasabing thank you. Nagtaray pa ako sayo.” Naramdaman niya ang pagganti ng yakap ni Gian sa kanya dahil sa magaan na paghaplos nito sa buhok niya.

“Don’t cry. It’s alright. Hey, stop crying.” Pagku- comfort naman ni Gian.

“I’m sorry.” Ulit na sambit niya.

“Oo na. Wag ka nang umiyak.” Natatawang sambit ni Gian. Dahil doon ay inalis na niya ang pagkakayakap niya. Doon lang niya napagtanto na nakangiti si Gian at pinupunasan ang luha niya.

“Tinatawanan mo ba ako?” tanong nito sa kanya.

“Bakit ka ba umiiyak diyan ha?” tanong ulit ni Gian.

“Kasi ang sama ko. Hindi kaya ng konsensya ko ang ginawa ko. Grabe ang tanga ko talaga.”

“Sus ngayon ka pa nakonsensya. Gusto mo lang akong yakapin.” Nakangiting sambit ni Gian. Saka naman niya naisip na binigyan pala ni Gian ng malisya ang ginawa niya.

“Hindi no, ang yabang mo talaga. Aalis na ako.” Pagkatalikod niya ay dumiretso na siya sa labas ng bahay nila. Lumingon siya ulit  at nakitang naiwan na si Gian sa pintuan nila. “Thank you ulit!” sigaw niya nang makarating siya malapit sa gate. Pagkalabas niya ay biglang sumagi sa isip niya ang yakapan nila ni Gian kanina. Napangiti siya ngunit nang maalala niyang isa siyang disastrous monster ay napalis ito at napalitan ng kunot sa noo.

Tawa ng tawa si Jane sa mga knock- knock jokes ng kaibigan niyang si Glenda. Pakiramdam niya ay sasabog na ang tiyan na sa sakit dahil sa kakatawa. Mababaw lang siyang tao kaya naman kahit hindi nakakatawa o corny ang mga jokes ay todo bigay pa rin ang pagtawa niya.

“Knock- knock” pagtutuloy ni Glenda.

“Who’s there?” tanong naman niyang may bahid na ngiti.

“Coca- cola” sagot naman ng isa.

“Coca- cola who?” tanong naman niya. Nagpwesto si Glenda na parang may mic siyang hawak at tsaka tumikhim.

“Coca- cola na lang sana ang iyong minahal ‘di ka na muling mag- iisa. Coca- cola na lang sana ang iyong minahal ‘di ka na muling luluha pa…” pagkakanta nito ay napatawa si Jane ng bonggang bongga. Si Susan naman ay napailing na lang dahil sa ka- cornihan ni Glenda.

“Hay nako Glenda, mamaya ma- heart attack si Jane diyan. Namumula na oh.”

“Okay lang ako Sue, ikaw naman! Uy Glenda mag knock- knock ka pa” muling pagbaling niya kay Glenda. Saglit namang tumingala si Glenda upang mag- isip ng bagong knock- knock. Si Jane naman ay parang uto- utong nakangiti sa paghihintay sa kaibigan.

“Eto, knock- knock.” Nakangiting sambit ni Glenda.

“Ano?” nakangiting tanong ni Jane saka niya naalalang mali ang sagot niya. Tumawa siya “ay, who’s there pala.”

“Taho.”

“Taho who?” pagkatanong niya ay ibinagsak ni Glenda ang paa niya sa sahig saka iginalaw ang kamay niya.

“Tin tintin…Taho woah woah oh.” Kanta niya sa intro ng Baby na kanta ni Justin Beiber. Tawang tawa siya dito. Kahit si Susan na naka concentrate sa binabasa niya ay ‘di naiwasang natawa sa ginawa ni Glenda. Tawa sila ng tawa. Napatigil sila saglit nang may tumawag sa pangalan ni Glenda. Sila Nica iyon. Nagpaalam na si Glenda sa kanila. Nakangiti siyang bumaling kay Susan.

“Sue, nakaktuwa si Glenda no?” sabi niya dito.

“Anong nakakatuwa? Nakakatawa siya. Ang corny ng mga knock- knock niya.” Sagot niyang hindi nakatingin sa kanya. Nakatingin pa rin ito sa librong binabasa niya. Sumimangot si Jane ng bahagya.

“Hindi kaya. Tumawa ka nga sa taho eh.” Pagbabalik niya sa isyu.

“Hindi ako natawa sa knock- knock niya. Natawa ako sa kanya.” Pagkasambit niya nun ay ginaya niya ang ginawa ni Glenda. Hindi naiwasang tumawa ni Jane saka naman tumawa si Susan.

“Grabe talaga iyon. May knock- knock ka ban a tatalo sa kanya?” Ngumiti lang ang kausap niya.

“Uy, i- share mo naman.” Pangungulit niya dito.

“Bakit ba nagpapaknock- knock ka ngayon? Malapit nang exam. Nakalimutan mo na ba yung usapan niyo ni Gian?”

“Oo nakapag- aral na ako last week pa. Hindi ko nakakalimutan iyon. Tsaka gusto ko lang ipakita sa kanya na hindi ako pressured kaya heto. Sige na please.” Pakiusap niya dito.

“Grabe! Last week ka pa nag- aral? May naiwan naman ba?” tanong nito sa kanya.

“Sige kahit tanungin mo ako sa lesson natin noong nakaraang linggo at sa mga topics na hindi pa natin natalakay.” Tinanong naman siya ni Sue at namangha ito nang masagot nito nang tama ang mga tanong na kahit walang kwenta o kaya naman ay lahat ng sinabi ng instructor nila ay nasagot niya.

“Ano ka ba, wala ka kasing tiwala sa akin. Kahit perfect ko ang mga CS ko ngayon, hindi pa rin ako kampante doon. Kailangan ko ring galingan sa exam para equal.” Nag- thumbs up pa ito sa harap niya.

“Baka ikaw naman ang maging DL no. 1 niyan sa ginagawa mo?” nakangiting tugon ng kaibigan niya sa kanya.

“Ano ka ba, kaya nating lahat maging no. 1 kung pagbubutihin natin. Kaya humanda iyang Gian na yan. Sa wakas maging alila ko na rin siya.”

“Uy, willing ka talagang maging alila yon ah. Ayaw mo bang maging boyfriend na lang siya?”

“Ano ka ba? Are you kidding me? That man is a disaster!” naghigh- five pa sila ni Sue saka sila nagtawanan. Di kalaunan ay nahagip ni Jane ang tingin niya malapit sa upuan nila. Nakita niya si Gian na lumapit sa kanila. Bigla siyang kinabahan. Narinig kaya nito ang sinabi niya? Gagantihan ba siya nito? Lord wag naman sana. Sa loob loob niya ay nagsign of the cross siya.

“Hoy Alfia! Narinig ko iyon.” Panggugulo niya sa buhok nito. “Bakit ayaw mo kong maging boyfriend?” Napanganga siya sa sinabi nito. Ang kapal talaga ng mukha nito.

“Huwag mo nga akong tatawaging Alfia. Tsaka tinatanong mo kung bakit? Tignan mo sa salamin yang ulo mo, sobrang laki na baka din a ng magkasya sa salamin sa sobrang kalakihan.” Napatawa si Susan sa sinabi ng kaibigan niya. Tumingin sa kanya si Gian at tsaka ngumiti ng nagpapacute. Nainis si Jane sa iginawi nito. Kahit alam naman niyang hindi eepekto ang ngiti nito sa kaibigan niya dahil may boyfriend na ito ay kumirot ang puso niya. Strange.

“Talaga? Alam mo Alfia, halata namang may gusto ka sa akin. Lumalaki yang butas ng ilong mo oh.” Sa pagkasabi ni Gian nun ay bigla niyang hinagilap kung totoo ngang lumalaki ang ilong niya.

“Hindi naman ah. Umalis ka na nga nag- aaral kami dito.”

“Sus, nag- aaral daw. Eh nakita ko nga ang bungisngis mo kanina sa mga knock- knock ni Glenda Rose. Ha ha ha ano pa?” panggagaya pa nito sa tawa niya kanina. Talagang naaasar na siya dito.

“Kahit na ano. Nakapag- aral na ako. Umalis ka na.” pagtutulak niya dito.

“Tatanungin muna kita. Pag nasagot mo ng tama, hindi na kita guguluhin pero….” Seryosong sambit nito.

“Pero?” pagtutuloy nito.

“Kapag hindi mo nakuha o kahit konting pagkakamali lang, date tayo.”

“Ok fine, hit it!” kinakabahang sagot nito.

“Draw the structure of Hemin and Bilirubin” seryosong sambit nito.

“Are you kidding me? Hindi pa natin nakukuha iyon. Next year pa natin mapag- aaralan iyon.” Reklamo niya.

“Kung talagang nag- aaral ka ng mabuti, kahit hindi pa natin nakukuha o kahit hindi kasali, dapat alam mo. Ano, sumusuko ka na?”

“Hindi ano, nabasa ko iyon sa librong binabasa ko noong nakaraang araw. San ako magsusulat?”

“Sa board.” Humalikipkip pa ito.

“Seryoso?” tanong niya dito.

“Seryoso. Mukha bang nang- jojoke lang ako?”

“oo, isa kang malaking joke!” pagtatalikod nito at dumiretso sa harapan.

“Itong mukhang to?” narinig niyang sambit ni Gian sa likod niya. Hambog talaga.

Bigla niyang isinulat ang Hemin at tsaka niya iginuhit ang structural formula nito. Kahit hindi required ay isinulat niya rin ang chemical formula nito. Pagkatapos niyang gawin ang Hemin ay ang bilirubin naman ang iginuhit niya. Isinulat din nito ang chemical formula. Pagkatapos ay hinarap niya si Gian na halatang nagulat sa sagot niya.

“Hayan, tapos na.” pagpapagpag niya sa kamay niya.

“I must say, I’m impressed.” Sambit nitong parang instructor.

You must be sambit niya sa sarili niya. “ So? Hindi mo na ako guguluhin right?” nakangiting tanong nito.

“Ye- wait. May mali sa bonding mo.” Nangising sambit nito. Tinignan niya ulit ang gawa niya. Wala siyang makitang mali. Sigurado siyang tama ang lahat ng isinulat niya.

“Walang mali dito. Kahit itanong mo sila.” Paninigurado niya dito.

“Kailangan pa rin ng accurate illustration of bonding. Iyon ang pinaka importante sa paglalarawan ng structural formula. Look at your –OH bonding in bilirubin. Dapat yung oxygen ang naka- bond sa Carbon atom para talagang makita kung bakit may double bond. Pero it turned out to be na Hydrogen ang naka-bond so hindi pwede ang double bond doon dahil isa lang ang atom ng Hydrogen.” Nakita niya ang sinasabi ni Gian. Yes, it should be oxygen but then, it is considered. Napakababaw ng maling sinasabi ni Gian. Gumagawa lang ito ng lusot.

“Excuse me, napakababaw naman ata ng sinasabi mong mali. Kahit si Mr. De Guzman na head ng Biochemistry ay iko-consider pa rin ang bonding na iyan.”

“Kahit na ipatawag mo pa ang dean ng kahit anong related  sa Chemistry ngayon, ako pa rin ang gagawa ng desisyon kung tama iyan o mali.”

“Hell you are! You’re just making  a bluff out of it.” Naiinis na sagot niya dito. Nakatingin na ang mga kaklase nila sa kanila. Si Susan na kaninang walang pakialam ay nakatingin sa kanilang dalawa.

“I’m not. Sabi ko nga, kahit konting mali lang. Remember the date, Saturday night. See you.” Pagkasambit niya ay umalis na itong nakangiti. Hinabol niya ito sa labas saka nito hinila ang braso niya. Tumigil naman ito.

“Bakit ba lagi mo na lang akong ginaganito? Hindi pa ba sapat iyong pustahan natin pagkatapos ng semester na to?” naiinis na sambit niya dito.

“Well, I just made a word na dapat tuparin. And I’ve won, so we’ll have a date. Whether you like it or you really love it!” nakangiting sambit nito.

“Hell no! Tigilan mo na ako.” Naiiyak na siya habang pinipigilan niya ang pagtaas ng boses niya.

“Baka nakakalimutan mo yung utang mo sa akin. To tell you frankly, hindi ako nakuha ng sorry mo at pagyakap mo sa akin. I want you to repay me with this date.” Seryosong sambit nito.

Nakokonsensya si Jane sa nagawa niyang iyon. Pero ang hindi niya maintindihan ay kung bakit kailangan pa ni Gian ng mga ganoong dahilan. Napakababaw ng mga ito. Pero para matapos na ang lahat, nakagawa na siya ng desisyon.

“Okay fine, look, I’m sorry okay? Napakababaw talaga ng mga rason mo pero para matapos na, oo na pumapayag na ako.” Tuluyan na ngang tumulo ang luha niya dahil sa inis.

“ayoko ng napipilitan lang Jane.” Magsasalita pa sana ito ngunit tinakpan nalang ni jane ang bunganga nito sa pamamagitan ng kanyang palad.

“Oo na nga diba? Oo na. Hindi ako napipilitan lang. Excuse me.” Pagiiwas niya dito. Naglakad siya papunta sa ladies room habang pinupunasan niya ang luha niya. Napamura siya ng makita niyang sarado ang CR nila. Ngunit pumasok pa rin siya para doon maglabas ng sama ng loob.

As Jane went to the other direction, Gian just stood there speechless. Hindi niya sinasadyang masaktan si Jane ng todo ng dahil lang sa pustahan na iyon. You just forced her to date you man! Sabi ng isip niya.Nagtataka siya sa mga iginagawi niya simula nang yakapin siya ni Jane at nang makita niya itong umiyak sa harap niya. Oh what a cry baby sabi niya sa sarili. But it hurts him to see her cry. And the most painful part is, he’s the reason for her crying. Kahit nakokonsensya na siya ay kailangan pa rin niyang ipagpatuloy ang charade na ito. I’m sorry Jane for making you cry, this will not happen again. Ngayon lang to, promise. Saka siya bumalik sa classroom nila.

“Hoy big head!” sigaw ng kaibigan ni Jane na si Susan. Maganda ito, sexy at matalino din pero hindi siya na-aattract dito.

“Ano, big mouth?” pang- aasar niya dito. Halatang nainis ito sa kanya. Pero hindi niya maramdaman ang tuwang katulad ng pang- aasar niya kay Jane. Pag inaasar niya si Jane ay natutuwa siya. Ang cute kasi nito kapag inaasar niya ito. Para siyang batang pinalo sa pwet at iiyak nang parang wala ng bukas. No, cute is an understatement. The right word would be beautiful. Yes, Jane is beautiful. Oh man, you just made her cry,what are you thinking? Sambit niya sa kanyang sarili. Nagtataka siya sa mga iniisip niya.

“Nasaan ang kaibigan ko?” tanong niya dito.

“Ewan ko, hanapin ba ang nawawala sa akin. Mukha ba akong Lost and Found section?” sagot niya saka prenteng umupo sa upuan niya.

“Hindi, mukha kang inidoro, nasaan iyong kaibigan ko? Kausap ka lang niya kanina.” Sagot nitong talagang diniinan nito ang salitang inidoro. Ouch! Sambit niya. Tong mukhang to? Inidoro? Eh pano na lang si Micahel kung mukha akong inidoro? Tinignan niya ang kaklase niyang maitim na pandak at kulot ang buhok.

“Hoy kinakausap kita.” Bigla siyang natauhan na may kausap pala siya.

“Nag- CR ata. Ewan ko. Umalis ka nga ang laki ng bunganga mo.” Naaasar na sambit niya. Asar talaga siya dahil sa sinabi niyang mukha siyang inidoro.

Naiinis na umalis si Sue sa room nila at hinanap si Jane. Naiinis siya sa sinabi ni Gian na big mouth siya. Bigla niyang hinaplos ang labi niya. Maliit naman ito ah. Lokong iyon. Nagtungo siya sa CR at nakitang sarado ito. Aalis n asana siya nang makita niyang iniluwa nito ang kaibigan niyang kanina niya pa hinahanap.

“Andyan ka pala, halika na five minutes na lang darating na si Ms. Fernandez.” Hinila niya ang kaibigan niyang halatang katatapos lang umiyak.

“Halata bang umiyak ako, Sue?” tanong nito. Halatang- halata friend! Sambit ng utak niya. Kilala niya si Jane. Talagang mababaw lang ito at napakalambot ng puso niya. Kahit na iba ang may kasalanan, siya pa ang mag- sosorry sa talagang may sala. Parang wala nga itong pride. Nagtataka siya kung bakit lagi na lang itong nagpapa- apekto sa kalokohan ni Gian. Lagi niyang pinapatulan ang pustahan nito kahit alam niyang gagawa ng paraan si Gian para lang manalo siya.

“anong klaseng tanong iyan Jane? Pulang- pula nga iyang ilong mo. Pwede ka nang substitute ni Rudolph.” Pagkasambit niya ay napatawa si Jane. Nagpapasalamat siya dahil mababaw lang ito at madaling mapatawa. Hindi nga ito nagtatanim ng sama ng loob. Kapag naiiyak na nito, sumasama sa luha nito ang sama ng loob niya.

“Ano ba, lumaban ka naman. Huwag mo siyang laging pagbigyan. Maging matigas ka Jane.”pangangaral niya rito habang naglalakad sila pabalik sa room nila.

“Hayaan na natin Sue. Retarded ata iyon eh.” Natatawang sambit ng kaibigan niya.

“Alam mo ba,sinabihan niya ako ng big mouth? Nakakainis kaya!”

“Sinabi niya iyon? Grabe talaga iyong lalaking iyon. Eh anong sabi mo?”
“Sabi ko mukha siyang inidoro.” Tiningnan siya ng kaibigan niya saka tumawa ng malakas.

“Ang sama naman nito. Kung mukha siyang inidoro, pano na lang si Michael?” sa pagkakatanong ng kaibigan niya ay nagkatinginan sila saka sila tumawa ng malakas.

Habang naghihintay ng order sina Jane at Gian sa KFC ay kapwa sila walang imik. Si Jane ay naktingin lang sa labas. Pinapanood nito ang pagpatak ng di naman kalakasang ulan. Naisip niya ang sinabi ni Sue sa kanya. Pano kung maging matigas nga siya? Ano kayang mangyayari? Sa ngayon, wala pa siyang makitang sagot kung oo o hindi. Napatingin siya sa kasama niya nang tumikhim ito ng malakas na parang magagasgas na ang larynx nito.

“ilabas mo na yan. Baka magka- TB ka.” Pagbibiro niya rito. Pero seryoso ang pagkakasambit niya dito.

“Hmm… Jane?” malambing na sambit ni Gian sa kanyang pangalan. Tumingin ito ng diretso. Walang bahid ng emosyon.

“Ano?” seryosong tanong nito.

“Sorry sa nangyari kahapon at sorry napa- advance sa oras ang sundo ko sa iyo.”

“Halata ko nga.” Malamig na sagot nito. Nagulat siya kanina nang alas kwatro ay nasa bahay na nila ito. Naalala niyang sabi niya any gabi sila lalabas. Ngunit nagpasalamat na lang siya dahil sa tingin niya ay maaga silang uuwi.

“Ma’am, Sir, eto na pong in-order niyo. Sorry to keep you waiting.” Sambit ng waitress saka niya inayos ang order nila. Halatang may crush ang waitress kay Gian. Kanina pa niya ito napansin nang magbigay ito ng bago nilang menu. Tinignan niya ang name plate nito. Pen ang pangalan nito. Maganda ito at halata ang hubog ng katawan sa suot niyang uniporme. Mayaman din ang hinaharap nito. Naisip niyang baka HRM student ito at nag- oOJT lang. Hindi niya maiwasang mainis sa iginagawad ng kasama niya. Aba nagpapacute pa ang loko!

“Thanks.” Sambit ng kasama niya saka ito ngumiti ng matamis sa waitress. Thanks ka jan! Tanggalin ko mata mo diyan eh! Nagulat siya sa nararamdaman niya. Bakit ba parang nagseselos ako? Dapat ba? Diba hindi? Itinuon na lang niya ang pansin niya sa mashed potato. Hindi niya napansin na malaki ang nakuha niya at isinubo iyon ng buo sa kanyang bibig. Nagulat naman ang kasama niya.

“Huy! Baka mabulunan ka diyan.” Nakangiting sambit nito.

“Pake mo!” sambit naman niya habang nasa bunganga niya ang pagkaing hindi niya alam kung kelan mauubos.

“Eto naman, bakit ba ang sungit mo? Nagseselos ka ba doon sa waitress?” dahil sa sinabing iyon ni Gian ay natigilan siya sa pagnguya. “Bakit ka ba nagseselos?” hindi niya ito sinagot bagkus ay itinuloy na lang niya ang pagnguya. “Huwag kang mag- alala hindi ako titingin ng iba, ikaw lang.” Dahil sa sinabing iyon ni Gian ay nasamid siya at di niya sinasadyang mabugahan ang mukha niya ng mashed potato na galing sa bunganga niya.

“Sorry, pharyngeal reflex lang. Sorry.” Pagpupunas niya sa mukha ni Gian. Pagkatapos niyang punasan ito ay uminom muna siya ng softdrinks para maitulak pababa ang nginunguya niya. Pagkatapos nun ay nagkatinginan sila ni Gian. Di niya maiwasang matawa sa ekspresyon ng mukha nito. Para siyang batang nagulat sa pagutot na di namamalayan.

“Hindi ka ba talaga galit sa akin?” natatawang tanong nito. Tumawa na lang silang dalawa hanggang sa bumalik na naman ang dating lagay nila.

“Look, I’m sorry talaga kahapon.” Sincere naman ito sa pagsasabi ng sorry.

“oo okay na. Sorry din…sa mukha mo.” Natatawang sabi niya.

“Alam mo ba? Mukha daw akong inidoro?” pagkukwento nito sa sinabi ni Sue sa kanya.

“Pano sinabihan mo siya ng big mouth.”

“Kahit na, nasaktan ako sa inidoro alam mo ba iyon?” pagkasabi niya ay tumawa na naman si Jane at nagtawanan na naman sila.

Pagkatapos nilang kumain sa KFC ay dinala ni Gian si Jane sa isang pamilyar na lugar. RV’s Vistro bar. Hay anon a naman kaya ang binabalak nito.

“Pasensya na kasi si Kuya Russel ang nagrequest nito. Gusto niya ulit na mag- duet tayo.” Kinamot pa nito ang ulo nito habang nagsasalita. Ngumiti na lang siya.

“Kaya mo ako niyayang mag- date?” tanong niya.

“Parang ganon na nga.” Nagdadalawang isip na sagot niya. “hindi ka naman kasi papayag na sumama sa akin kung sasabihin ko ng direstso diba? Tsaka hindi mo naman ako pinapansin kaya naisip ko iyong pustahan para lang makapunta ka dito. Ayoko naman mapahiya kay Kuya Russel. Pasensiya ka na.” pagtutuloy nito. Ngayon ay naiintindihan na niya kung bakit ganito ito.

“Ano ka ba? Papayag naman ako eh. Basta para tulungan ka. Huwag mo na ulit gagawin iyong kahapon. Basta sabihin mo lang sa akin kung gusto ni Kuya Russel na kakanta tayo. Sabihin na lang natin na gig ito.” Pagkatapos noon ay pumasok na sila sa loob.

Pagpasok nila ay nakita niya si Kuya Russel na may kausap sa telepono. Napaka- astig talaga nito. Hindi mo aakalaing graduating pa lang ito sa Business Management ay may sarili na itong business. Hindi rin halatang bente uno pa lang ito. Dahil sa pananamit nito, siguro ay aakalain ng isang babae na isa na itong successful man at twenty seven. Gwapo talaga ito. Napakaswerte ng girlfriend nito for sure.

“Huy!” untag ng kasama niya. “Natulala ka na diyan, may girlfriend na iyan!”

“I know right, halata naman sa pakikipag- usap niya sa telepono.” Nakangiting sambit nito. Di kalaunay napansin niya ang gawi ng CR. Naalala niya ang painting.

“Uhm, Gian, may tanong ako.”

“Ano iyon?”

“Tanong ko lang iyong painting sa may gawing CR, bakit ganon ka kung makatitig doon?” tanong nito.

Tiningnan naman siya ng kasama niya sa mata saka ibinaling ang tingin sa may gawing CR din. “Yun ba?” tanong nito.

“Oo iyon nga. Anong meron doon?” tanong niya ulit.

“Wala lang, trip ko lang tignan ng ganon, masama ba?” nakangiting sagot nito. Kahit sabihin niyang trip niya lang ay halatang nagsisinungaling ito. Lumabas sa ilong ang mga salitang binitawan nito.

“Sinungaling. Ano ba kasi ang meron doon?”

“Bakit ba gusto mong malaman? Tsismosa ka talaga.” Pagbabago nito sa topic.

“hindi ako tsismosa no! nagtatanong lang naman ako ng maayos kaya sagutin mo rin ng maayos.” Naiinis na baling nito.

“Oh, naiinis ka nanaman. Relax ka lang. Sasabihin ko sa tamang panahon.” Saka nito pinisil ang ilong nito. Agad namang tinanggal ni Jane ang kamay nito sa ilong niya saka niya ito hinaplos. Sigurado siyang namumula na ang ilong nito. Nakangiti si Gian at saka ito tumalikod upang panoorin ang banda. Napangiti naman si Jane na parang kinikilig. Ano ba ‘tong nararamdaman ko?

“Wala ka bang girlfriend?” kapagkwan ay naitanong niya kay Gian. Lumingon naman ito sa kanya. Halatang nagulat ito sa tanong niya dahil nakakunot ang noo nito. Tinakpan na lang niya ang bunganga niya dahil sa walang kwentang tanong niya.

“Why do you ask?” tanong naman ng lalaki.

“Wala lang. Alam mo bang pinagkamalan ako ng mama mo na girlfriend mo ako?” sa sinabi niyang iyon ay napatawa si Gian.

“Talaga?” di makapaniwalang tanong naman ni Gian sa kanya.

“Oo nga ang kulit. Siguro marami ka nang nadalang babae doon no?” tanong nito. Hindi na niya ito hinarap. Itinuon na lang niya ang pansin niya sa bandang tumutugtog. Bakit ba pag naiisip niyang may ibang gusto si Gian eh nasasaktan siya?

“Wala no. Ikaw pa lang. Grabe ‘to. Kahit nga mga ex ko hindi ko dinadala sa bahay.” Sambit nito.

“Weh? Hindi mo sila pinapakilala?” gulat na tanong nito.

“Hindi, kailangan ba?” natatawang sagot nito. Pinalo niya ito sa may bandang braso. Halatang nagulat ito sa kanya.

“Ang sama mo naman pag ganyan. Eh san mo sila dinadala?”

“Sa hotel agad kami.” Seryosong sambit nito.Pagkasambit ni Gian ng sagot ay binalingan niya ito ng gulat na mukha. Napanganga pa siya sa sagot nito.

“Ano?” tanong ni Gian sa kanya.

“As in?” gulat na tanong nito.

“Oo bakit ba ang dami mong tanong? Curious ka?” nakangiting tanong na naman nito. Di kalaunay umalis na ito sa tabi niya at papunta sa bakanteng mesa.

“Hoy! Niloloko mo naman ako eh.” Habol nito ngunit hindi man lang ito lumingon.

Sa loob loob ni Gian ay natatawa siya. Ang bilis talagang maniwala ni Jane. Kaya gustong gusto nitong asarin ito dahil talagang sulit na sulit ang effort sa panloloko. Umupo na siya sa upuan at hindi pinansin ang pahabol ni Jane. Pinipigil niya ang pagtawa. Kailangan niya munang mag- act ngayon. Naalala niya ang pustahan nila. Oo tama, yung pustahan. Gusto niyang makita ang reaksiyon ni Jane.

"Seryoso?" tanong ulit nito na umupo na sa harap niya.

"Oo nga seryoso." Seryosong sagot nito. Pero sa loob loob niya ay sumasakit na ang tiyan niya sa kakatawa.

"Bakit mo ginagawa  iyon? Hindi mo ba naisip na masamang gawain iyon? Wala ka pa sa tamang edad para gawin ang bagay na ginagawa ng mga mag- asawa na." nagulat siya sa sinabi ni Jane. Anong klaseng pag- iisip ba meron ang babaeng to? Pinagkakamalan niya ba akong dirty old man? Shit!

"Hindi naman masamang mag- hotel ah. Tsaka iba ang iniisip mong ginagawa namin doon."

"Eh anong ginagawa niyo doon? Nagpapatintero? Jack en poy? Ano pa taguan?" sunod- sunod na tanong nito sa kanya. Napailing ito. Ganyan ba talaga kadumi ang iniisip mo tungkol sa akin? Tanong niya sa loob loob niya.

"Ano ka ba Jane. Kung makapagtanong ka naman talo mo pa ang nanay. Bakit ba ang dami mong tanong. Wag kang mag- alala, malalaman mo rin kapag naging tayo na." kinindatan niya pa ito.

"Asa ka no! Hindi mo ako madadala sa hotel at lalong lalo na, hindi magiging tayo." Agad na sagot nito. Kahit hindi ito ang inaasahan niyang sagot nito ay natuwa pa rin siya dahil sa expression nito. Cute! Sigaw ng utak niya. Pero isang bahagi ng puso niya ang kumirot dahil sa huling slitang binitawan nito. Nasasaktan siya kapag laging sinasabi ni Jane na hindi niya ito gusto. Bakit? Dahil ba nasasagi ang ego niya o dahil gusto niyang magustuhan din siya ni Jane? Ano bay an ang dami daming katanungan! Sabi niya sa kanyang utak. Pero isa lang ang alam niya. Masaya siya kapag kasama niya ito kahit lagi siya nitong sinusungitan.

"Jane!" habol ni Susan sa kanyang kaibigan na si Jane na naglalakad sa kalagitnaan ng campus. Lumingon naman ito. Hindi niya kayang itago ang nararamdaman niya para sa kaibigan sa nakita niya kahapon. Maaga kasing nakauwi si Jane kahapon kaya hindi niya naabutan ang pag- post ni Ms. Abad ng Dean's List sa bulletin board ng kanilang building kahapon. Kaya naman gusto na niyang sabihin sa kaibigan niya ang resulta bago pa nito malaman sa iba.

"Oh, Sue, bakit hinihingal ka diyan?" tanong ni Jane.

"Ikaw ba naman ang tumakbo sa maraming tao habang isinisigaw ang pangalan ng kaibigan mo. Hay!" hinihingal na sambit nito.

"Bakit mo ba kasi ako hinahabol?" tanong nito. This is it! Sambit niya sa utak niya.

"Nai- post na yung Dean's list Jane. And guess what?" halatang kinakabahan ang kaibigan niya.

"What?" biglang tanong nito. Pero dahil hindi niya alam kung paano simulan ay tinitigan niya lang ito.

"What Sue? Anong meron?"

"Ahm… Gian…" di niya maituloy na sagot.

"What about him? What?" kinakabahang tanong nito.

"Gian is still DL no. 1 Jane. I'm sorry, but… but you're already behind him. You're DL. No. 2."

"What?!" shocked na tanong ng kaibigan niya. Agad itong tumakbo sa building nila at tinungo ang bulletin board. Sinundan niya ito.

"Oh no, this cannot be happening." Sambit ni Jane. Feeling niya ay mahihimatay na siya. For God's sake! They almost have the same average with Gian. It was just a difference of point five.

"I'm sorry Jane" sambit ni Susan. At hinawakan ang balikat nito.

"No, don't be sorry. Wala ka namang kasalanan. Kailangan ko lang ng acceptance. Tara kain na lang tayo." Malungkot na sabi nito. Ngayon ay magiging boyfriend niya si Gian na labag sa kalooban niya.

Nakatunganga niyang isinusubo ang siopao premium na paborito niyang kainin kapag nasa bad mood siya. Napansin naman ito ng kanyang kaibigan na kanina pa nag-aalala.

"Huy, pati ba naman yang papel sa ilalim eh kakainin mo?" tanong ni Susan sa nakatungangang Jane na natauhan lang nang maramdaman niyang iba nap ala ang nangunguya niya. Ngumiti na lang siya ng matamlay at huminga ng malalim.

"Okay lang ba Jane?" tanong ni Susan. Tango lamang ang isinagot niya.

"Ano ka ba, wag mo munang isipin yan, baka joke lang yong deal niyo."

"Sana nga Sue, sana nga." Saka siya bumuntong hininga.

"Hey Babe! Bakit ang lungkot mo naman? Di ba dapat masaya ka kasi boyfriend mo na ako?" Pagsingit ni Gian sa table nila at niyakap ang braso ni Jane.

"Ano ba bitiwan mo nga ako. Tsaka wag mo akong matawag tawag na babe kasi hindi kita type! At lalong hindi kita boyfriend!" sigaw ni Jane sa katabi niya sabay ang pagtalikod niya at paglakad palayo. Hindi naman naiwasan ng ibang taong nakakita ang pangungutya. Tumigil siya nang nagsigawan ang mga ito at nakatingin na sa kanilang dalawa.

"Uy LQ!" sigaw ng isang lalaking tadtad ng piercing ang mukha. Ngunit hindi na niya ito pinansin at muling naglakad palayo.

“Uy Jane!” tawag ni Gian habang sinusundan niya ito. Pero hindi siya nito nilingon.

“Alfia!” malakas na tawag ni Gian na nagpatigil sa kanya sa paglalakad. Nilingon niya ito.

“Ilang beses ko bang sasabihin sayong wag mo akong tatawagin sa pangalan nay an?” galit na baling niya dito. Naluluha na siya dahil sa sama ng loob. Hindi niya talaga kaya ang matinding emosyon kaya idinadaan niya na lang ito sa pag-iiyak. Napansin naman iyon ni Gian na ikinalambot ng ekspresyon ng mukha niya.

“Ano?!” lumuluhang sambit nito.

“Jane…I’m sorry. Kung ayaw mo yung resulta sa deal natin, bakit ka pa pumayag noong una?” mahinahon na tanong ni Gian.

“Hindi ko alam! Hindi ko alam kung bakit!” sagot niyang naiinis.

“Sige, ganito na lang. Hindi na effective ang deal natin. Pero hindi mo na ako makikita pagkatapos ng pag- uusap natin na to. What I mean is, hindi mo na ako pwedeng kausapin o kahit ano. As if we are strangers. Pero, kapag sasabihin mong oo pumapayag kang maging girlfriend ko, hinding hindi kita iiwan. Mahal kita Jane, kung alam mo lang kahit masakit. Mahal mo rin ba ako?” tanong ni Gian. Pero wala siyang natanggap na sagot.

“Sige Miss Alfia, salamat sa lahat. Salamat sa pagtuturo mo sa akin kung paano magmahal ng tunay. Goodbye Jane. Nice meeting you.” Naiiyak na sambit ni Gian. Tuluyan namang umagos ang luha ni Jane dahil sa mga sinabi ni Gian. Ngunit hindi na siya pinansin ng lalaki dahil tuluyan na itong naglakad palayo.

“Gian…” sambit niya nang wala na ito sa mata niya. “I’m sorry…Gian…I love you…” umiiyak na sambit niya. Gustuhin man niyang marinig ito ng lalaki ay huli na. Hindi na siya kailanman kakausapin nito.

Pagkalipas ng ilang linggo ay ganon pa rin ang trato ni Gian sa kanya. Talaga ngang pinanindigan nito ang sinabi niya. Tulad na lang nang magsalubong sila sa hagdan. Ngumiti siya pero hindi man lang siya pinansin nito. Para bang wala itong nakitang tao. Pinabayaan na lang niya ito at nakasimangot siyang nagpatuloy sa paglalakad.

“Hi Jane!” Bati sa kanya ni Susan na kanina pa ata hinihintay ang pagdating niya. Ano na naman kaya ang balita nito. Reyna talaga ito ng tsismis.

“Hello” matamlay na bati niya.

“Okay ka lang ba? Namumutla ka ah. May sakit ka ba?” tanong ng kaibigan niya. Oo tama ito. May sakit siya. Sakit sa puso dahil kakasugat lang nito. Bukod pa doon ay hindi na maayos ang kanyang eating and sleeping habits. Lagi na lang siyang puyat dahil sa kaiisip kay Gian at hindi na siya nakakakain ng maayos dahil dito. Hindi niya alam kung bakit siya nagkakaganito dahil lang sa lalaking minahal niya. Minahal nga ba? O mahal pa rin? Tanong ng isip niya.

“Ha? Oo naman okay lang ako. Ako pa. Haha” pilit na tawa niya. Sinungaling! Sigaw ng utak niya. Kagabi ay hindi siya nakakain at hindi pa siya nagbreakfast kahit uminom lang ng tubig ay hindi niya nagawa.

“Sure? Anyway, alam mo nab a yung news?” excited na tanong nito.

“Hindi pa. Ano ba  yon?”

“Ay friend, dapat kang magsaya. Dahil hindi ka na guguluhin ni Gian. May bago na siyang girlfriend teh! Hulaan mo.”

“Sino?” matamlay na tanong niya dito.

“Hmm. Friend, si Nica. O diba bongga. Nung Monday lang naging sila.” Sa narinig niya ay parang naramdaman niyang kumirot ang puso niya. Pero may mas masakit pa sa katawan niya. Yun ay ang tiyan niyang walang laman at ang ulo niyang nadadamay sa sakit nito.

“Huy Jane, okay ka lang ba talaga? Namumutla ka talaga. Hindi na maganda iyan ha.”

“Oo okay lang ako. Mag CCR lang ako.” Hindi na niya talaga gusto ang pakiramdam niya. Pakiramdam niya ay umiikot ang mundo. Pagtayo niya ay natumba na siya at biglang nagdilim ang paligid niya.

Nagising si Jane sa boses ng isang lalaki.Kilala niya ang boses na iyon kaya naman kahit mabigat pa ang talukap ng mata niya ay pinilit niya pa ring buksan ang mga ito. Gian... Nakikipag-usap ito sa babaeng nakaputi. Tinatanong nito kung ano ang sakit niya.

“Salamat ma’am” pasasalamat nito nang malaman ang kailangan nitong impormasyon saka siya pumunta sa nakahigang Jane.

Sa pagbabalik ni Gian ay dahan- dahan siyang umupo. Kahit hilo pa rin ay pinilit niya pa ring umayos ng upo. Inalalayan naman si Gian. Hay, Gian…ang tagal ko nang gustong lapitan mo ulit ako sabi niya sa isip niya. I miss you so much.

“Ano bang ginagawa mo sa sarili mo Jane?” galit na tanong nito sa kanyang ikinagulat niya. Hindi ito ang inaasahan niyang entrada nito sa kanya.

“Sa susunod kumain ka naman ng maayos. Huwag kang aalis ng bahay niyong hindi kumakain. Naiintindihan mo ba? Ano bang ikinakakaganyan mo?” galit pa rin na sambit nito. Kung alam lang nito na dahil sa kanya kaya hindi siya nakakain ng maayos. Dahil nakokonsensya sa nagawa niya kay Gian. Hindi niya mapatawad ang sarili niya sa nagawa niya. Ang laki ng  pagkakamaling nagawa niya.

Tumango na lang siya kahit hindi niya alam kung bakit galit ang kaharap niya. Nasaan ba si Susan? Bakit si Gian ang nandito? “Jane, yan lang ba ang maisasagot mo? Halos takbuhin ko ang clinic kaninang bigla ka na lang natumba! Shit!”

Hindi na kaya ni Jane ang naririnig niya. Bakit ba ito galit? Tsaka pwede namang iba na lang ang magtakbo sa kanya sa clinic. "Sorry. Sorry kung nakaabala ako sa iyo. Huwag kang mag- alala, hindi na ito mauulit." Naiiyak na sambit niya.

"Sorry? Diyan ka naman magaling eh. Mahilig kang magpa- alala ng tao. Tapos laging sorry sa huli. Hindi ka ba nagsasawa?" sambit ni Gian. Oo naiintindihan niyang may sama ito ng loob dahil sa nagawa niya. Pero ang ipamukha sa kanyang kasalanan niya ang lahat ng nangyari pati ang pagtakbo nito sa clinic ay hindi niya kaya. Kanina pa siya nito binabasag. "bakit ka bag alit? Bakit ba parang ako ang may kasalanan na ikaw ang nagpunta sa akin dito? Pinilit ba kita?" Umiiyak na sambit ni jane. Wala namang nasagot ang kaharap niya.

"Ano?! Pinilit ba kita? Hindi diba? Kaya wala kang dahilan para magalit! At wala kang pakialam kung hindi ako kumakain ng maayos dahil hindi mo alam kung ano at kung sino ang dahilan! Naiintindihan mo ba?" sambit ni jane at bigla na lang itong umalis sa kama at dire- direstong lumabas na umiiyak. Hindi na niya ito pinasalamatan. Kahit ang staff ng clinic ay hindi na rin niya pinansin. Kahit nahihilo pa ay dumiretso ito sa classroom nila. Mabuti na lang at wala pang instructor. Nakita niya si Susan na umaliwalas ang mukha ng makita siya.

"Jane! Okay ka na?" tanong nito sa kanya. Ngunit hindi niya ito sinagot. Bagkus ay kinuha na lang niya ang mga gamit nito at akma nang aalis.

"Aalis ka na? May sasabihin ako sayo."

"Saka na lang Sue, uuwi muna ako at sa bahay na magpapahinga. Pakisabi na lang sa instructor natin na may sakit ako. At Sue, pag nakita mo si Gian, pakisabi naman salamat. SIge, Bye." At tuloy- tuloy na itong naglakad.

Dalawang araw nang hindi pumapasok si Jane simula nang mahimatay siya at nakita niya si Gian. She always wanted to tell him how sorry she was for not complying to the deal and she was sorry for walking out in the clinic without even saying thank you. She admit that she was a loser for turning Gian down. She knew that she love Gian so much since the first day he made fun of her and underestimated her prowess. Hindi niya lang pinapansin ang nararamdaman niya dahil alam niyang baka hindi talaga love ang nararamdaman niya. Huminga siya ng malalim at tumili siyang nakatakip ang unan niya. Kasunod nun ay ang pagpatak ng luha niya. Hindi niya talaga alam kugn bakit ganon siya nasasaktan. Dahil ba kay Gian o dahil sa sila na ni Nica? O baka parehas.

"I broke your heart, tore us apart…I did it for you…" Kanta ni Jane habang nagrereview sa dating tambayan ni Gian. Naisip niyang doon mag- review para kahit papano ay maramdaman niya na ang peacefulness. Doon siya madalas tumambay sa mga nakaraang buwan. Doon din niya inilalabas ang pagsisisi niya kausap ang sarili niya. Nilakasan niya pa ang pagkanta niya hanggang sa maramdaman niya

ang pagpatak ng luha niya sa kanyang binabasa. Hindi niya man lang namalayan na naluha nap ala siya dahil sa kanta at sa mga alaalang masakit balikan. At kailan man, din a pwedeng balikan.

"Talagang solid ka dito ah?" biglang nagulat si Jane sa narinig. Nilingon niya kung sino yung nagsalita kahit alam niya kung kaninong boses iyon.

"Gian…" mahinang sambit niya sa pangalan ng lalaking kanina ay iniisip niya lang. Lumapit ang lalaki sa kanya saka naman siya tumalikod at pinunasan ang luha niya. Tumayo na rin siya mula sa pagkakaupo niya ngunit hindi na niya iyon naituloy dahil itinulak siya ni Gian at tinabihan siya nito.

"Bakit ka nandito?" mahinang tanong niya dito habang diretso lang ang tingin niya sa damo. Hindi man siya tumingin sa katabi niya ay ramdam niyang napatingin ito sa kanya. Bahagyang tumawa ito ng mahina.

"Hindi ba dapat ikaw ang tanungin ko niyan?" balik na tanong ni Gian sa kanya. Ngunit hindi siya sumagot.

"How are you Jane? It's been a long time since we've seen each other." Basag ni Gian si katahimikan sa pagitan nilang dalawa. Natawa siya ng mahina sa sinabi nito.

"We see each other everyday, Gian. But we never talked since I dumped you." Sarkstikong sambit niya. Alam niyang masakit yon. Masakit para sa kanilang dalawa. Ngunit kailangan niyang ilabas ang lahat ng sama ng loob niya. Ayaw niya kasing nagtatanim ng sama ng loob.

"Oh, is that so?" nang- aasar naman na sambit ni Gian. At dahil doon, nilingon niya ang katabi niya at tiningnan ng matalim.

"Yeah, and I hate for you that!" sigaw niya. Hindi niya napigil ang damdamin niya. Naluluha na siya. "You know what? I shouldn't have done that. Because of that stupid deal, something inside me was broken. And I hate myself for having this piece of shit be broken by an asshole like you!" sambit niya dito habang tuloy tuloy ang pagluha niya. Wala na siyang pakialam kung ano ang mga lumabas sa bibig niya. Basta ang mahalaga sa kanya, mailabas niya ang galit niya. Hindi umimik si Gian. Ni hindi man lang siya kumurap o gumalaw sa pwesto niya.

"What? Are you happy now? Are you happy now, huh? You heard me right? I loved you, you jerk! No, that would not be the right word, I love you! Are you happy now?" umiiyak na sambit nito. Humahagulgol na siya ng iyak. Ni hindi pa rin gumagalaw si Gian. Akma ng aalis si Jane nang hawakan ni Gian ang kamay niya.

"Don't leave…I- I'm sorry if I caused you pain. I didn't mean to. I'm sorry. I didn't know because you never told me. Please, Jane, don't leave…just stay here with me and let's talk. Please." Pakiusap nito. Hindi lumingon si Jane. Nakatayo lang ito habang hawak ni Gian ang kamay niya. Lumuluha parin siya hindi na dahil sa inis niya ngunit sa mga sinabi ni Gian sa kanya. Nang hindi siya gumalaw, si Gian na ang tumayo.

“Bakit ka ba umiiyak? Para ka tuloy gold fish” pagsuyo nito habang ginaya pa ang nguso ng isang isda. Tumawa si Jane sa nakita niya. Hindi niyaa napigilan dahil nakakatawa talaga ang itsura ni Gian. “Ayan, ngumiti na siya…mabuti naman naging syokoy ka na.” pang- t-trip nito sa kanya. Sumimangot ulit siya. “Eto naman, di mabola…oo na sirena ka na…” sabay silang tumawa. Biglang gumaan ang loob ni Jane sa unang pagkakataon mula nang di siya kinakausap ni Gian.

“I’m sorry Gian.” Mahinang sambit nito.

“Sorry for what?” tanong naman ng kasama nito.

“For everything. For not complying with the deal, for dumping you, for walking out in the clinic without even saying thank you…and for calling you an asshole…I didn’t mean to…”

“Shhh…okay lang ano ka ba…” pilit nito sa kanya.

“No, it’s not okay. I hurt you. Nakita ko iyon noong araw na sinabi kong ayaw kitang maging boyfriend. I’m really sorry…”

“Yeah, sasabihin kong nasaktan ako doon. Pero para san pa kung patuloy kong iisipin yon diba? I need to move on…but I guess I haven’t.”

“What do you mean? Diba naging kayo ni Nica after that?”

“yeah.”

“break na kayo? Why? Yun ba ang dahilan kung bakit di ka makamove- on?” sunod sunod na tnaong ni Jane kay Gian.

Ay, ang hina talaga ng babaeng to! Sambit ni Gian sa isip niya. Anong utak ba meron to? Matalino naman pero bakit ang hina ng pick- up! Hay Jane! Kakaiba ka talaga.

“No! Ano ka ba? Di mo ba gets?” tanong nito. Umiling si Jane. Hay! Ang sarap mung batukan, talaga naman oh. Nakakagigil.

“Tsk. Ang kulit mo talaga. Bahala ka nga diyan, di ko sasabihin sayo.” Akma na siyang aalis nang magsalita ulit si jane.

“Ahh! Huy, Gian…”tatawa tawa pang sambit nito. Para siyang ulol na aso. Pero ang cute niya pag di siya nakakakuha ng mga bagay. Lalo na pag niloloko. Haha. Kakaiba talaga to.

“Na- gets mo na?” nakangiting tanong niya dito. Tumango naman itong parang bata na tinanong kung gusto ng cotton candy. Isip- bata talga!

“Ibig sabihin…hanggang ngayon…”

“Yes, hanggang ngayon, what? Just tell me kung anong naiisip mo..”nakangiting sambit nito habang lumalapit siya sa pwesto ni Jane.

“Hanggang ngayon mahal mo parin si Nica?” biglang tumigil siya sa paglapit. Naiinis na siya. Malapit na eh. Bakit yun pa ang naisip niya?

“Bakit ang bobo mo?” di niya napigilang sabihin. Biglang nag- iba ang aura ni Jane sa sinabi niya. Tapos bigla na siyang nagsalita.

“Anong bobo ka diyan, ha? Ang kapal  ng mukha mo! Di sana sinabi mo na lang sa akin diba? Kaysa pinag-iisip mo ako dito! Tapos noong sinabi ko sayo ung naisip ko sasabihin mo bobo ako? Ganyan ba talaga kapag sobrang talino ng kausap mo? Pag- iisipin ka tapos pag sumagot ka na tatawagin kang bobo? Ikaw ang bobo. Nakakainis ka talaga! Wala kang kwen— “ din a naituloy ni Jane ang sasabihin niya dahil bigla na lang siyang hinalikan ni Gian. OMG! Oo, hinalikan siya ni Gian sa mga labi. She was shocked! Nakadilat ang mga mata niya habang si Gian hawak pa ang mukha at batok niya. Hindi niya ma-expalin ang feelings niya habang masuyong hinahalikan ni Gian ang mga labi niya. Para siyang lumilipad sa langit habang lumalangoy sa dagat na walang oxygen tank. Ipinkit na lang niya ang mga mata niya dail feeling niya ay naduduling na siya. Nakakawindang ang halik ni Gian.Kaya naman, di niya namalayan na hawak na rin niya ang batok nito at mas malalim na ang halik na iginagawad nila sa isa’t isa. Halos hindi siya makahinga nang maghiwalay ang mga labi nila. Niyakap naman siya ni Gian ng mahigpit pagkatapos ng halik.

“That was my first kiss…” mahinang sambit niya

“Yes, I know.” Sambit naman ni Gian na may kasamang mahinang tawa.

“Why? Nalalaman din ba ng kahalikan mo kung virgin pa ang labi mo?” tanong niya dito. Tumawa ng malakas si Gian.

“Isip bata ka talaga no?” Nakangiting sambit nito habang nakatingin ito sa kanya. Pakiramdam niya matutunaw siya. Napansin niyang wala pala itong suot na salamin.

“Ahh, talaga? Hala, e di hindi ako good kisser?” tanong niya ulit. Mas malakas na tawa ulit ang itinawa ni Gian. Sabay hila nito sa kamay niya.

“Look, Jane, wala akong pakialam kung magaling kang humalik o first kiss mo iyon. Hindi iyon ang basehan. Basta, mahal kita. Period.” Biglang nagsalubong ang mga kilay ni Jane.

“Tama ba yung narinig ko? O baka naman nabingi na ako.”

“Tsss. Pagong ka talaga. Mahal kita! Mahal kita Alfia!” sambit ni Gian.

“Sabi nang wag mo akong tatawagin sa pangalang iyan eh!” sigaw ni Jane sa kanya. Nabingi ata siya.

“I can’t believe it! Sue! Graduates na tayo! Board exam na lang ang pagtutuunan natin ng pansin!” excited na wika ni Jane sa ever loving at tsismosa niyang bestfriend.

“Oh my gosh! Friend! I’m sure papasa tayo!” pagsabi naman nito sabay high five at tumawa ng malakas. Ngunit biglang bumalik ang lungkot sa mukha ni Jane. Napansin naman iyon ng kausap niya.

“Oh, bakit parang nag- iba bigla yang emosyon mo? Bipolar ka ba?” tanong nito.

“Ano ka ba Sue, alam mo namang schizophrenic ako eh.” Seryosong sambit nito. Dahil doon tumawa ng malakas ang kasama niya.

“Ano ka ba? Loka loka! Hindi ka baliw. Pinapasaya lang kita kaya lang ako ata ang napasaya mo.” Sabi ni Sue at tumawa ulit. Ngunit nawala bigla ang pagtawa nito nang nakita niyang lumuha ang katabi niya.

“Ano ka ba naman Jane, dalawang taon na ang nakalipas. Kailangan mo nang mag- move on.”

“I miss him Sue. Nawala siyang hindi man lang nagpapa- alam sa akin.” Malungkot na sabi nito.

“Ano ka ba, buti nga naghiwalay kayo bago ka niya iniwan, di at least ngayon free ka! Bongga!” pangungumbinsi naman ng kaibigan niya.

“Yes, it’s been two years since we broke up and left me. Kamusta na kaya siya?” pagtatanong niya sa hangin habang nakatingin sa ulap.

“Ano ka ba, I’m sure masaya yun ngayon kung nasaan man siya.”

“Sana nga Sue.” Malungkot na sambit niya.

“Ano ka ba, wag mo na siyang problemahin, wala na siya at wala ka nang magagawa para bumalik siya. Iniwan ka niya Jane. Tandaan mo yan. Mag- aral na lang tayo. Tara sa city library.” Hinila niya si Jane at sumunod naman ang isa.

Habang nagbabasa ay di maiwasan ni Jane ang pag- iisip sa magagandang  ala-ala nila ni Gian. Ang mga tawa nilang dalawa. Ang sayang nararamdaman niya sa tuwing kasama niya ito. Simula ng naging sila ni Gian, naging mas masayahin siya at lagi siyang nakangiti. Naaalala niya ang huling ngiting nakita niya sa mula kay Gian at yun din yung araw niyang ayaw maalala dahil napakasakit. Yun yung araw na iniwan siya nito.

“Friend, uwi na tayo, nafefeel kong di ka okay. Sayang lang yang effort mong magbuklat ng libro. Hindi mo naman binabasa.”

“Mabuti pa nga Sue. Salamat.”

Pagakadating niya sa bahay nila ay nag-shower muna siya. Nagbabakasakali siyang baka mawala ang dinaramdam niya sa pag- agos ng maligamgam na tubig sa katawan niya. Pagkatapos niyang magshower ay nagsuot na siya ng kanyang pantulog. Nang magpapahid na siya ng lotion, napansin niyang wala na ang suot niyang singsing. Ang singsing na bigay sa kanya ni Gian sa unang buwan nilang magkasintahan. Tanging yun na lang ang bagay na iniingatan niya dahil nagbibigay yun ng magandang ala ala. Ngunit hindi niya mahanap. Hinagilap na niya lahat. Mula sa bulsa ng gamit niyang pantalon hanggang sa gamit niyang bag, sa banyo, sa ilalim ng kama at kung saan saan pa. Hanggang sa marating niya pa ang harap ng gate nila. Para siyang tangang naghahanap.

"Ay! Ano ba to? Nakakainis. Gian nasan ka na ba?" pagtawag niya sa singsing na parang isang tao lang itong nawawala. Nang mawalan na siya ng pag- asa, tumulo na ang mga luha niya at umiiyak na siya.

"Gian…I'm sorry. I lost you…Sorry…" umiiyak na sambit niya. Tinakpan na lang niya ang mukha niya gamit ang kanyang mga palad. Nagulat siya ng may magsalitang baritone ang boses. Maganda ang boses nito at halatang maykaya sa buhay dahil naamoy niya ang branded na pabango. Kaamoy nito ang gamit ni Gian na Calvin Klein. Ngunit alam niyang hindi siya yun dahil hindi na siya babalik. At nasaktan siya sa isiping iyon.

"Are you okay? Are you lost or something?" marahang tanong ng lalaki. Bigla namang tinanggal niya ang mga palad sa mukha niya. Umiling siya bilang sagot. Na- freeze ata yung oras dahil sa nakita niyang tao. Makalaglag panga sa gwapo. Matipuno, matangos ang ilong, maputi pero di naman masyado at may mapupungay na mata. He looks like Gian in a little way. Or was it just because of his eyes? They have the same.

"Oh, sorry I thought you were lost. I'm Galen by the way." Pagpapakilala nito. Tantsa niya mga twenty three ito o mga twenty five? Ang gwapo eh.

"I'm Jane, nice to meet you. I live in this house." Pagtuturo niya sa bahay nila.

"Oh, we're neighbors then, I live there just in front of your house." Nakangiting sambit nito. Please wag kang ngumiti ng ganyan, mawawala si Gian sa puso ko, sambit niya sa sarili. Bakit nga ba pinipigilan niya ang sarili niya? Iniwan na siya Gian, wala na siyang boyfriend. Free na siya sabi nga ni Sue. Pero may isang side sa sarili niya na nagsasabing huwag muna.

"Really? How come I only see you now? Are you new here?" pagtatanong niya. Tumango naman ang kausap niya bilang sagot.

"Why are you crying Jane? Is there a problem?" pagtatanong nito. Pakiramdam niya matagal na silang magkakilala.

"Yeah, I lost my ring. It's so important to me that's why when I can't find it, I cried and that's when you came to ask the matter." Pagsasalita nito. Namangha siya, di man lang siya nabulol sa English niya. Nagtaka siya dahil English pala ang kausap niya.

"Galen, where did you come from?" tanong nito.

"Oh I came from the States. But don't worry, I'm a pure Filipino. I just stayed there for the twenty- three years of my life." Nag- isip si Jane. So, American citizen pala siya. Twenty three na siya. Magbebente naman na siya so naisip niyang hindi naman siya ganoon katanda.

"So you're on vacation then?" tanong nito.

"Yeah, I'll be spending my whole year here. But I think, I'm going to live here forever." Pagsabi niya sabay kindat sa kanya. Alam niya ang ibig sabihin nito. Nagpapacute ito sa kanya. Malandi! Sabi niya sa isip niya.

"So, what do you do for living Galen?" tanong nito.

"I'm a chemist. I work in Universal Laboratories when I was in States. How about you?" sa pagsambit nito, bigla siyang lumingon sa kanya at napanganga. Parehas sila. Ang pagkakaiba nga lang nila, si Galen nagt-trabaho na. Siya naman, magtatake palang ng board exam.

"Really? Me too! I mean, a future chemical engineer though. I'll be taking my exams next month." Pagsambit naman niya.

"Oh, you must do good so we can work together." Sambit naman ng kausap niya. Pakiramdam siguro nito easy to get siya dahil gwapo siya. No way! Not now, maybe later. At tumawa pa ang isang bahagi ng utak niya.

"Yeah, thanks. Where do you work now then?" pagtatanong niya ulit.

"I work at what's that again, the FDVS Laboratories Corporation." Pagmamalaki nito. Ito ang pinakaprestigious laboratory sa Pilipinas. At ang alam niya halos lahat ng nagtotop sa Chemistry at Chemical Engineering ay kinukuha dito. Kumbaga sa St. Luke's Hospital, na prestigious hospital sa Pilipinas ay ganon din ang FDVS Labs.

"Are you kidding me? That's awesome!" masayang sambit nito.

"Yeah, great. So, Jane, it was nice meeting you. I think I need to rest. So, we call this a night. Goodnight Jane." Sambit nito sabay ang pagtayo at nag- stretch ng kaunti.

"Yeah, goodnight Galen." Sambit nito. Nagulat siya ng halikan siya nito sa pisngi.

"Hey, that was fast." Sambit niyang gulat.

"Oh, I'm sorry. I didn't mean to offend you." Gulat namang sambit ni Galen.

"No, it's alright. Just…just rest. Goodnight." Sambit nito sabay nag wave ng goodbye. Tinignan niya muna si Galen na makapasok sa loob ng bahay niya bago siya pumasok sa bahay nila. Pakiramdam niya naiwan ang labi ni Galen sa mga pisngi niya. Nagulat siya nang may magsalita sa bandang kanan niya.

"Huy, bakit gising ka pa? Lumabas ka pang ganyan ang suot mo." Sita sa kanya ng ever loving niyang mother.

“Mother, I needed fresh air that’s why I went outside. Regarding my dress, I’m off to sleep. Goodnight mother dear. I love you.” Sambit nitong parang lutang.

“Sus, pa- English, English ka pa diyan. Matulog ka na nga bata ka.” Sabay tulak sa kanya ng nanay niya sa kwarto niya. Nagulat siya dahil nag- Eenglish na siya. Siguro na-carried away lang siya sa conversation nila ni Galen. At pagtulog niya, imbes na si Gian ang napanaginipan niya, si Galen ang bida.

Nagising si Jane dahil sa ingay na naririnig niya. Nagmumula pala iyon sa pintuan niyang parang mawawasak na dahil sa lakas ng pagkatok. Kung sino man iyon babatukan talaga niya ng bongga!

“Oo na andyan na!” sigaw niya.

“Ano ka ba Jane? Ilang beses na kitang tinatawagan sa cellphone mo, di mo naririnig?” entrada ng kaibigan niyang si Sue. Hindi na niya nagawang batukan ito dahil bigla na lang itong pumasok at umupo sa couch niya.

“Bakit ba anong problema,ang aga aga nambubulabog ka.” Sambit nito habang tinitignan ang cellphone niya. Oo nga, naka- fifteen missed calls na si Sue sa kanya. At nakita niya rin ang oras. Magtatanghali na. ano bang nangyayari sa kanya? Nasobrahan ata ang panaginip niya kay Galen. Napangiti siya sa alaala.

“Anong inginingiti ngiti mo diyan? Maghilamos ka na nga o mas mabuti maligo ka na. May pupuntahan tayo.” Sambit ni Sue habang pinipindot ang cellphone niyang brand new. Sus! Naka android eh. Tumingin siya sa salamin. Grabe ang face, kailangan na nga talaga niyang maligo. Habang naghahanda siyang maligo ay tinanong niya si Sue.

“San tayo pupunta? Parang sa tono ng boses mo eh napaka- urgent.”

“Ano ka ba? Ang dami mong tanong maligo ka na nga. Mabagal ka pang kumilos, ten minutes ligo lang. Bilis!” napanganga siya sa sinabi nito. Di niya kaya iyon!

“Nagsisimula palang ako sa oras na iyon Sue! Ano ba kasi yan?” nakakunot nang sambit niya. Bumaling sa kanya si Sue.

“Gusto mong malaman? Bilisan mo ang pagligo at malalaman mo. Dun ka na sa sasakyan mag- ayos ng mga anik anik mo. Ako na magdadala ng mga kailangan mo.” Sambit nitong itinuon ulit ang pansin sa cellphone niya.

“Parang mahalagang mahalaga talaga to ah…Saan ba kasi—” din a niya naituloy ang sasabihin niya dahil tiningnan siya ni Sue ng masungit.

“Maliligo ka na ba o hihilain kitang di pa nakapag hilamos?” banta nito.

“Okay, okay maliligo na.” tatalikod na siya nang magsalita ulit ito.

“Twenty minutes Jane. Wala nang extension!” napangiti siya sa sinabi nito.

“Yes! Thanks!” at pumasok na siya sa banyo.

“San ba kasi tayo pupunta?” tanong ni Jane kay Sue habang sinusuklay niya ang basa niyang buhok sa loob ng sasakyan ni Sue.

“Basta.” Yun lang ang sagot ng kaibigan niya. Di niya talaga ito maintindihan minsa. Ito ata ang bipolar eh. Pinagdala pa siya ng cap at eyeglass na may malaking frame.

“Bakit parang hindi tayo magrereview ngayon?” tanong niya ulit. Binigyan niya lamang ito ng nakakamatay na tingin.

“Jane, grumaduate kang suma cum laude! Sa tingin mo di ka papasa? Ako, cum laude. Okay na iyon. Papasa tayo. Promise.” Sambit nito at itinuon ulit ang mata sa daan.

Tama si Sue. Kahit one week before the exams sila magreview siguradong makakapasa sila. Parehas silang may photographic memory. At siyan ang Suma Cum Laude. Hindi si Gian. Dahil nawala si Gian bago sila mag- fourth year. Nawala lahat ng iniisip niya nang nagsalita si Sue.

“Friend bilis isuot mu na yang cap itago mo yang hair mo tapos mag- eyeglass ka na. Bilis” habang isinusuot niya eto ay nagsuot naman ng wig si Sue na short ang pagkacut. In fairness, bagay sa kanya. At nagsuot siya ng sunglass. Naisip ko tuloy para kaming mga detective na kailangang mag- disguise para mag spy. Sino naman  kaya ang target namin? Ang boyfriend niya? Malamang hindi. Nag- rereside yun dahil malapit nang grumaduate ng Medicine. Napaisip tuloy siya.

“Huy, anong gimik naman to?” tanong niya nang makalabas sila sa kotse. Hindi sumagot ang kaibigan niya at parang walang narinig dahil tuloy tuloy lang ito sa paglalakad. Siyempre, alam kasi nitong susunod siya. Pagkatingin niya ay hawak na naman nito ang android phone niya at pumipindot. Feeling niya tuloy naglalro lang ito ng Fruit Ninja. Pero nagkamali siya dahil agad nitong itinapat ang cellphone niya sa tenga niya. Hindi niya marinig kung sino yung nasa kabilang linya.

“Ano? San siya nagpunta?” tanong naman ni Sue sa kausap niya. Sumagot ito pero di niya maintindihan.

“Okay sige, sige. Itext mo na lang ako kung nasaan na siya. Susunod kami.” Pagkatapos nun ay pinatay na niya ang linya. Nakacurious naman ang kasama niya.

“Sino yun? Sino yung susundan natin? Pagtatanong niya na parang batang walang alam.

“Si Gian.” Seryosong sambit nito habang naglalakad ito palayo kung saan. Hindi niya mahagilap ang mga salitang gusto niyang sabihin. Nagulat siya. Nandito si Gian? Bakit alam ni Sue? Bakit? Maraming tanong ang nasa isip niya. Gusto niyang masagot. Biglang bumalik siya sa huwisyo nang lingunin siya ni Sue na mga ilang metro na pa lang malayo sa kanya.

“Hoy! Sasama ka ba o tutunga ka lang diyan?” seryosong sambit nito. Awtomatiko namang naglakad siya palapit kay Sue. Ngunit hindi niya pa rin ito mahabol dahil nang maglakad siya ay naglakad na ito ulit. Hindi niya alam kung nasaan sila dahil hindi pamilyar ang lugar. Maganda ang tanawin parang nasa Tagaytay ang feeling niya pero hindi dahil hindi naman gaon katagal ang byahe nila ni Sue. Pinagtataka

lang niya ay bakit nandito si Gian? Si Gian ang lalaking unang inibig niya at unang nanakit sa kanya. Si Gian Velasquez.

Napatigil siya sa paglalakad ng mabundol niya si Sue. Hindi niya namalayang tumigil pala ito.

“Ano ka ba Jane? Para kang bangag. Umayos ka nga diyan.” Sambit ng kaibigan niya.

“Bakit siya nandito? Bakit mo alam? Bakit all this time, wala man lang akong balita sa kanya. Bakit? Bakit bigla siyang nagpakita?” Naluluhang sambit ni Jane.

“Jane, I know masakit pa rin dahil naghiwalay kayo ng walang magandang rason at higit sa lahat, iniwan ka na lang niyang walang pakundangan. That’s why when I saw him, I keep track on him. Pinasundan ko siya. Nag- hire ako ng spy. You know, Daisy, yung certified tsismosa sa karinderya?” sambit ng friend niya. Tumango naman siya. “Yeah, binigyan ko siya ng job. I saw Gian kahapon when we went sa city library. But that was when I went back because I forgot my keys. I was shocked when I saw him, really at dun pa siya sa dating kinauupuan natin nagpunta.” Pagkukwento ng kaibigan niya.

“Did he saw you?” tanong nito.

“Nope. Dahil he went there after kong makuha yung keys. I was lucky. I want to tell you but maybe, mas maganda kung makita mo muna siya. I want you to talk things over. Gusto kong magkausap kayo. Pero not now, maybe, soon.”

“No Sue. Ayoko siyang kausapin kung sakali mang may binabalak ka. Thanks sa concern mo but I don’t want this. Not here, and no! I want to go home.” Naiiyak na sambit ni Jane.

“Not now Jane. He’s coming.” Sambit nito habang nakatingin sa likod ni Jane. Gustong lumingon ni Jane pero ayaw niya. “Don’t talk, he’s coming towards us.” Pagbabanta ni Sue. Mabuti na lang nakatalikod siya. Niyakap siya ni Sue kunwari kinu-comfort siya nito. And he heard a voice. A voice she longed to hear though it turned out to be manly now.

“Excuse me, are you alright? Is there something wrong here?” tanong niya. Napansin niyang iba na ang English nito. Halatang galing sa ibang bansa.

“No, there’s nothing wrong. She’s just carried away by the message her boyfriend had told awhile back.” Sambit naman ni Sue na parang inipit ang boses para di makilala. Mabuti na lang at naka- disguise sila. Dahil kung hindi, patay silang dalawa. Bakit nga ba lumapit ang Gian na to sa kanila?

“Oh, I think I know you.” Sambit ni Gian. Doon na siya kinabahan. Kinurot niya si Sue sa balikat. Isang pagkakamali lang at huli na sila.

“Really? Wow, marami lang talaga akong kamukha. Who are you?” tanong ni Sue.

“I’m Gian Velasquez. And you?”

“Oh, hello Gian, I’m Faye. Faye Raymundo.” Pagpapakilala naman ni Sue na patuloy pa rin ang yakap kay Jane kahit nakipag shake hands siya.

“And how about your friend?” tanong nito.

Eto na eto na. Hinihinling ni Jane n asana galingan ni Sue ang pag- arte. At natupad naman iyon.

“Oh, she’s Sandra Quezon. Sorry but she can’t hear. She’s mute. And very sick. I’m sorry.” Pagsisinungaling naman ng kaibigan niya. Ginawa pa siyang inutil ngunit nagpapasalamat siya.

“I’m sorry to hear that. So, nice meeting you Faye, I need to go. My date is waiting so, goodbye.”

“Yeah sure.” Sambit ni Sue. Nararamdaman niya ang tibok ng puso ng kaibigan niya. Feeling niya masisira ang sphygmomanometer pag itatake ang BP niya. “Hay! Muntik akong mamatay doon.” At tsaka lang siya kumalas sa yakap nito.

“Umalis na tayo Sue.” Malungkot na sambit ni Jane.

“No, tignan natin kung sino ang sinasabi niyang date.” Seryosong sambit ni Sue. Sumunod na lang siya dito. Napasinghap siya nang makita niya ang isang babaeng ubod ng ganda at puti. Parang diyosa sa kagandahan ang babaeng ito. Narinig niya nagmura si Sue sa nakita nila.

“I know that girl!” sambit ni Sue. Kelan niya pa kilala ang ganyan kagandang babae eh parang di nga nag-eexist sa totoong buhay. Na- gets niya ata ang ekspresyon ni Jane.

“That’s Khia Hall!” sambit nito sa kanya na parang ignorante siya. Parang narinig na niya yung pangalang iyon pero di niya maalala. Saan na nga niya ulit narinig iyon? Hall…Khia…at parang may umilaw ang lightbulb na nasa bumbunan niya.

“Si Khia Hall? As in Khia Hall?” gulat na tanong niya rito.

“Yes Jane! Ang idol ko!” sambit ni Sue. Oo si Khia Hall. Ang chemist na sikat na sikat sa buong mundo ang pangalan pero bihira lang lumabas ang mukha dahil napakaimportanteng tao nito. Siya ang anak ng may-ari ng Universal Laboratories sa US at isa sa mga may- ari ng private laboratories sa Europe at number one sponsor ng FDVS Labs. Dito sa Pilipinas. At ngayon, ka- date niya si Gian? Masakit yon sa kanya. Sobra dahil alam niyang walang wala siya sa Khia Hall na iyon. Pangalan palang habulin na mukha pa kaya?

Mabigat pa ang talukap ng mata ni Jane nang nag- ring ang cellphone niya. Binabawi niya pa ang tulog niya mula sa ilang araw ng paghahanda sa exam. At nabawi na niya iyon ng mga dalawang araw pagkatapos ng exam. Hindi niya talaga maintindihan ang mga tao. Sinabi na niyang mag-hihibernate muna siya ng ilang araw eh panay ang istorbo. Una, ang nanay niyang mas masaya pa ata sa kanya sa panliligaw ni Galen sa kanya. Oo, nililigawan siya ni Galen isang linggo na. Kaya naman status niya ngayon sa facebook eh “It’s complicated” at least hindi na “widowed”. Pangalawa ay ang bestfriend niyang si Sue na pinipilit silang pagtagpuin ni Gian kunwari by chance pero plinano naman niya. Pangatlo ay ang tumatawag sa kanya ngayon. Naiinis niyang sinagot ang cellphone niya.

“Hello?” sambit niya at sinadya niyang parang boses bagong gising para makonsensiya yung nasa kabilang linya.

“Is this Jane Alfia Reyes?” tanong ng kausap niya. Babae eto at mukhang mas matanda pa sa nanay niya. Tumikhim muna siya para maging clear ang boses niya.

“Yes, who’s this?” tanong nito.

“It doesn’t matter. I just want to ask if you would want to be interviewed on Friday for your position here at FDVS Laboratories?” sambit ng nasa kabilang linya. Nagulat siya.

“But Ma’am, you must be mistaken, I haven’t passed any resume yet and any forms of applying in your laboratory, I’ve just taken the exam last Monday and…” din a niya naituloy ang sasabihin niya dahil nagsalita ang nasa kabilang linya.

“Miss Reyes, just be ready with your forms and for your interview. No more questions asked. Okay so our head will be meeting you on Friday. Goodbye.” Yun lang at wala na ang kausap niya. Scary! Sambit ng utak niya. Isa lang ang ibig sabihin nun. Nakapasa siya! At ngayon, FDVS Labs. Pa ang humahabol sa kanya! Si Sue kaya? Naisip niyang tawagan ito. Hindi siya nagkakamali, inaasahan na talaga nito ang tawag niya dahil sinagot niya eto agad.”

“Sue…nakareceive ka—” din a niya naituloy ang sasabihin niya dahil tumili na ang kausap niya. Inilayo niya ang cellphone niya sa tenga niya dahil mas malakas pa ang boses neto kesa sa radiation ng cellphone.

“Yes friend! FDVS! Tomorrow! Oh my God! Nakapasa tayo! May trabaho na agad tayo Jane!” masayang sambit ng nasa kabilang linya.

“Tomorrow ka? Ako sa Friday pa.” sa sinabi niya, nagtaka ata ang kausap niya.

“That’s odd. Bakit kaming lima bukas na? Bakit ikaw iba?”

“Ewan ko. Baka iba yung head niyo sa magiging head ko?” tanong nito.

“Siguro, well! Magcelebrate tayo after ng interview! Haha!” at marami pang tawanan bago niya ibaba ang cellphone niya. Nakakapagtaka man pero panatag na rin siya at least may trabaho na siya. Lumabas siya ng kwarto at ibinalita ang magandang mensahe sa kanyang pamilya.

Kinakabahan si Jane habang naglalakad sa lobby ng FDVS Labs. Agad naman siyang napansin ng receptionist at sinabi kung saang floor ang kanyang pupuntahan. Fifth floor left wing ang instruction sa kanya. At hanapin ang pintuan na may sign na Chemical Engineering Department Head 2. Bakit may number one ba? Hindi naman sinabi ni Sue ang detalye ng interview dahil confidential daw. Pero nasabi na niya kung sino ang boss niya. Si Luke Crisostomo. Parehas kaya sila ng magiging boss? Kilala si Luke Crisostomo bilang isang striktong boss kaya naman sana, wag na lang siya. Sana sa mas mabait.

Naglalakad na siya papunta sa opisina ng head. Kinakabahan siya. Natanaw na niya ang sekretarya. Maganda ito. Sexy at halatang mamahalin ang mga gamit at kasuotan. Pero mukhang suplada. Papalapit palang siya nang makita niyang nagsalita siya sa intercom. Siguro para ipalam na nandito na si Jane. Magsasalita pa lang sana siya nang magsalita ang sekretarya.

"Miss Reyes, you can go inside now." Sambit nito. Teka, nabobosesan niya ito. Ito yung tumawag sa kanya noong nakaraang araw. Well, in fairness, naging mas bata ang boses nito. Para kasing matanda ang boses niya pag sa telepono. Tumango siya bilang sagot. Tumayo naman siya at binuksan ang pintuan para sa kanya. Pagpasok niya sa office ng head ay nagulat siya. Wala man lang siyang makitang ibang kulay ng dingding. Puti lahat. Hindi kaya mabaliw yung boss dito? Tanong ng utak niya. Hindi niya makita kung sino yung boss dahil nakatalikod ang swivel chair nito. Siyempre, hindi pa rin siya umuupo dahil hindi pa naman siya pinapaupo. Tumikhim muna siya bago magsalita.

"Good morning, Sir" sambit niya sa mahinang boses. Ngunit hindi gumalaw ang upuan at ang nakaupo.

"Good morning Sir" pag- ulit niya, ngayon sa malakas na boses. At yun nga ay gumalaw ang upuan. Napa- atras siya sa nakita niya. Feeling niya bumalik ang masakit nakaraan.

*"Jane!" tawag sa kanya ni Gian. Nagtatampo siya dahil hindi man lang siya hinintay nito.May usapan sila na hintayin ang isa't isa pagkatapos ng klase.*

*"Jane please!" tawag ulit ni Gian. Tumigil sila sa paglalakad ni Sue at hinarap si Gian na masungit ang kanyang mukha. Hinawakan naman ni Sue ang balikat niya at tinanguan niya ito parang sinasabi bang magbati na kami at umalis na siya.*

*"Ano?" masungit na tanong nito. Ngumiti naman ang lalaki at nagpacute sa kanya.*

*"Wag ka ngang magpacute diyan hindi mo bagay." Masungit na sambit niya dito.*

*"Ouch ha! So, hindi na ako cute ngayon? E di ibig sabihin, pogi na ako?" sambit ni Gian na kumindat at kumurap kurap pa.*

*"Kapal mo talaga! Yabang!" sambit naman ni Jane na nakangiti na. Kumislap naman ang mata ni Gian dahil sa ngiti ni Jane.*

*"Uy, ngumiti na siya. Sorry na Alfia, alam mo namang mahal na mahal kita eh." Sambit nito na may halong paglalambing.*

*"Wag mo akong tatawaging Alfia!" banta nito.*

*"Bakit baa yaw mo ng Alfia? E maganda naman eh. Bagay sayo. At bagay tayo" pandagdag pa nito. Di talaga ito nagbago. Hambog at loko loko parin.*

*"Suntok gusto mo?" hamon naman ni Jane.*

*"Aba aba, lumelevel- up ah. Di yan effective. Eto mas effective." Pagkatapos niyang magsalita ay mabilis niya itong hinalikan sa pisngi. Ilang beses na niya iyong ginagawa. Pero at least, di sa labi dahil napag-*

*usapan nilang wala munang halik sa labi. Unang halik pa lang iyong noon sa tambayan ni Gian nung nagkaayos sila. Napangiti naman si Jane at kahit di pinapahalatang kinikilig ay nahalata dahil namumula siya.*

*"Sabi ko sayo mas makamandag ako eh. Sorry na. Bati na tayo?" sambit ni Gian. Tumango naman si Jane na parang uto uto.Sus! hinalikan ka lang sa pisngi eh, suway ng utak niya.*

*Kumakain sila ni Gian ng ice cream habang naglalakad ng bigla na lang silang tumigil. Nagtaka siya dahil biglang tumingin si Gian sa kanya at may kasamang pilyong ngiti. Kung hindi niya ito kilala, iisipin niya itong manyak.*

*"Ano?" tanong ni Jane sa kanya. Nagulat na naman siya nang halikan siya ni Gian. Ngayon hindi na sa pisngi. Mabilis lang na halik sa labi pero parang naiwan ang lips ni Gian sa lips niya.*

*"Happy first monthsary Jane! I love you  so much. Kahit alam kong mas mahal ko sarili ko." Sambit nito na may halong tawa.*

*"Sabi ko na nga ba eh. Conceited ka talaga. I love you too. Pero magpaalam ka muna pag magnanakaw ka ng halik ha? Dahil kung hindi talagang sisirain ko na yang mahal mong mukha." Sabi naman ni Jane.*

*"Bakit may magnanakaw bang nagpapa-alam?" pambabara naman nito sa kanya. Nainis na siya kaya naman binilisan na niyang maglakad at magpapahabol na naman siya.*

*"Jane!" tawag ni Gian sa kanya habang tumatawa itong hinahabol siya. Hindi na lang niya pinansin.*

*"Jane!"*

"Jane, are you listening to me?" tanong sa kanya ng kaharap niya. Yun ang nakapagpabalik sa kanya sa hinaharap. Naisip niya. Ilang minuto kaya ang nakalipas habang inaaalala niya ang nakaraan? Pero mas dapat niyang pagtuunan ng pansin ang taong kaharap niya. Si Gian Velasquez.

"I'm sorry, Sir. I was listening, yes, I mean, no." magulong sumbat niya.

"It doesn't matter anyway. Please take your seat." Ma- awtoridad na sambit ni Gian. Malaki ang pinagbago nito. Lalo na ang boses. Kumakanta pa rin kaya ito? Ang kanyang katawan, medyo nagkalaman. Mas gwumapo eto dahil sa haircut nito. Hindi na gaya ng dati na mahaba at wala na rin siyang eyeglasses. Mas nakikita na ang nakaka- akit na mata nito. Ngunit nawala na naman siya sa pagtawag ulit ng pangalan niya.

"Jane, I think I should interview you next time, are you sick?" tanong ni Gian. Nagulat siya dahil boss siya, nag- aapply siya. Diba dapat surname basis at hindi first name basis? Ngunit hindi na niya iyon pinansin.

"No, Sir, I'm fine. I- I was thinking things. Like, ah, they're not really important but I'll just give you my resume." At iniabot naman nito. Ngunit hindi niya iyon binasa. Itinabi niya lang iyon sa desk niya. Nagulat siya sa ginawa nito. Nahalata naman ata ng kaharap niya.

“Oh, don’t mind that. You are already endorsed before your interview so I don’t need to look at those forms. And knowing you, I think you are entitled really for this job.” Sambit nito. Tumango na lang siya bilang sagot kahit inis na inis siya. Gusto niyang isampal yung folder sa mukha ni Gian. Dahil sa galit, sa inis at sa yabang nito! Pasimple pa, halata namang tumitira, sambit ng utak niya.

“How are you Jane?” tanong ng kaharap niya. Akala ko ba job interview to? Bakit parang heart-to-heart talk ata? Tanong ni Jane sa sarili niya.

“I’m doing great!” sambit niyang ngumiti pa kahit nagsisinungaling siya. Tumango naman ang kaharap niya. “How about you Mr. Velasquez?” pormal na tanong niya dahil nasa opisina siya at boss niya ang kaharap niya.

“Same. Just call me Gian, like the old times?” sambit nito. Nasusuka na siya sa kasarkastiko ng pananalita niya.

“I’m sorry but I can’t. I should always remember that you’re my boss and we’re not friends anymore.” Diretsong sambit nito habang tinitignan niya ito sa mata. Something inside her hurt seeing his lovely eyes stare back at her. Natamaan naman ata ito sa sinabi niya.

“Oh yes, I’m your boss. Right. I forgot. So, you’re hired and you’ll work for me on Monday.” Yun lang at tumayo na siya. Nagshake hands pa sila bago siya umalis. Bubuksan na sana niya yung pinto nang magsalita si Gian.

“Jane, I’m sorry. For everything, I’m really sorry.” Sambit nito na kahit hindi niya makita ay puno ng pagsusumamo ang mga mata. Itinaas lang niya ang mga palad niya at nagpakita ng okay sign. Ayaw niyang makita ni Gian ang reaksiyon niya. Pagkasara niya ng pinto ay tinanguan lang niya ang sekretarya at tumulo na ang mga pinipigilan niyang luha mula pa ng magkita sila. Masakit talagang takbuhan ang nakaraan kahit alam mong anino ito ngayon ng hinaharap.

*“Jane. I have to tell you something.” Seryosong sambit ni Gian. Nasa park sila. Namamasyal.*

*“Ano? Na gwapo ka? Sawa na ako diyan, wala na bang iba?” pambibiro ni Jane. Napangiti naman si Gian. Ngunit saglit lang iyon, sumeryoso ulit ang mukha niya. It’s not like him.*

*“More than that. Let me think, that you’re fascinating? Gorgeous?” sunod sunod na sambit ni Jane. Ngunit ngayon, hindi na ngumiti si Gian. Lumuha na siya.Nagtatakang pinahid ni Jane ang mga luha niya. First time niya itong makitang ganon.*

*“May problema ba? Bakit ka umiiyak?” tanong ni Jane na naluluha na rin. Niyakap siya ni Gian ng mahigpit na parang walang bukas. Saka ito nagsalita.*

*“jane, I’m sorry. I’m sorry.” Sambit nito habang pinapakita ang kahinaan niya.*

*“why? Wala ka namang kasalanan?” sambit naman ni Jane na hinahagod ang likod ni Gian. Nagulat siya nang biglang kumalas si Gian at hinalikan siya sa labi. The kiss was deep but it didn’t last long. Gian spoke.*

*“Let’s finish this relationship Jane. It’s over. Thank you.” Yun lang at umalis na ito. Na- shock si Jane. Hindi man lang siya nakahulma. Saka lang rumegister sa utak niya ang sinabi ni Gian nang malapit na ito sa tindero ng ice cream.*

*“Gian!” sigaw niya rito habang hinahabol niya ito. “Gian! Mag- usap tayo! Gian! Hayop ka! Bumalik ka dito!” habol niya dito ngunit malayo na ito. Napaupo na lang siya sa semento at doon niya minura si Gian. Ilang gabi siyang hindi nakakatulog ng maayos dahil sobrang sakit. Pumasok ang nanay niya sa kwarto niya at tinanong kung anong nangyari. Doon na siya humagulgol. Yakap yakap siya ng kanyang ina habang naglalabas ng sama ng loob.*

*“Mama, ang sakit! Hindi man lang niya sinabi yung dahilan! Iniwan na lang niya ako Mama. Ang sakit. Ma, naging mabuti akong girlfriend! Oo alam ko matampuhin ako pero pinapatawad ko siya agad. Mama bakit ganon?” umiiyak na sambit niya.*

*“Anak, siguro may dahilan siya kung bakit ka niya iniwan. Hindi man niya sinabi pero malalaman mo rin siguro pagdating ng panahon.” Sagot ng nanay niya habang hinahagod ang likod niya.*

Nagising si Jane na may luha sa gilid ng kanyang mga mata. Siguro masyado lang niyang dinibdib ang pagkikita nila ni Gian. Biglang nagring ang cellphone niya. Sinagot niya iyon kahit hindi niya pa tinitignan kung sino ang caller.

“Hello?” tanong niya

“Hey Jane! Good morning!” bati sa kanya ni Galen sa kabilang linya. Ang manliligaw niyang walang tatalo sa pagpapacute. Hindi niya rin alam kung bakit siya pumayag magpaligaw dito.

“Hey, ang aga ah. Napatawag ka?” tanong niya. Nkakaintindi naman ito ng tagalong ngunit di gaano.

“I just want to congratulate you for your first week at FDVS. I’m so happy for you.” Isa si Galen sa mga chemist ng pinagttrabuhan niya. Assistant siya ni Luke Crisostomo.

“Thanks. Yun lang ba talaga?” tanong ulit nito.

“Kelan mo ko sasaguten?” sambit nito sa baluktot na tagalong. Natawa si Jane. “What?” tanong naman ng kausap niyang haltang nakangiti.

“Hindi mo bagay magtagalog! Ewan ko.  Don’t ask okay? Thanks for the praise, I appreciate it. I’ll just see you later in the cafeteria? Okay? Bye.” Yun lang at dumiretso na siya sa banyo.

Siya ang bagong assistant ngayon ni Gian. At dahil doon, mas madalas ang pagkikita nila dahil sa mga reports. Hindi niya talaga maintindihan, parang sinasadya nitong mapalapit sa kanya. Katulad na lang

noong unang araw ng trabaho niya. Habang dinidiscuss niya ang reports ay bigla na lang itong nagyayang magdinner. Ngunit tinanggihan niya ito. Naisip niyang baka bumabawi lang ito sa kasalanan niya dati. Siyempre may Khai Hall na ito. Asan nga ba yung babaeng yon? Bakit di ko siya nakikitang kasama ni Gian? Tanong ni Jane sa sarili niya.

“Hey beautiful, how’s your day?” bati sa kanyani Galen na may hawak na frapuccino.

“I’m fine.” Bored na sagot nito at sumipsip sa Mocha Choco latte nito.

“Great. Can we have dinner tonight?” excited na tanong nito.

“Ikaw ah, dumidiskarte ka. Kahit sa may kwek- kwekan lang ni Manong Mario okay na.” sambit niya.

“What’s kwek- kwekan?” tanong nito.

“Nako, dapat matikman mo yun. Kwek- Kwek, say it.” Pagtuturo nito. Inulit naman nito pero may twang parin kaya tumawa na naman siya. Inulit- ulit pa nito. Habang nagtatawanan sila ay napnsin niyang nakatingin pala si Gian sa kanila na nasa kabilang table. Napatigil tuloy siya sa pagtawa. Nginitian na lang niya ito. At bumaling kay Galen.

“You know Gian?” tanong ni Galen.

“Yeah, an old friend and my he’s my head.” Sagot niyang kumportable.

“Really? Seems odd cause, the way he looks at you? It’s not like you were friends. I think he likes you.” Seryosong sambit nito. May lahi bang manghuhula ang kaharap niya? Natawa siya sa inisip niya.
“What?” tanong naman ng kaharap niya.

“Praning ka! Hindi no! Selos ka?” pagsagot niya dito. Parang hindi naman na- gets ng kausap niya kaya in- English na lang niya. “Ikain mo na nga lang iyan” sabay subo ng tinapay sa bunganga ni Galen. Natawa naman siya sa reaksyon niya at nagtawanan na lang sila.

Nagulat si Jane nang pumasok siya sa opisina ni Gian. Naka- abang na ito sa pintuan. Kaya naman di niya sinasadyang mapatigil sa harap nito at mabunggo ang katawan nito.

“Sorry sir” paumanhin niya at lumipat ng daraanan. Ngunit sinundan siya nito.

“Sir, nakikipagpatintero ba kayo? Try niyo po sa playground.” Sambit niya dahil naasar na siya.

“Same old Jane.” Yun lang ang nasabi ni Gian sa harap niya. Tumalikod na ito at bumalik sa upuan.

“Eto na po yung reports for this day.” Iniabot niya ang folder at nagsalita ulit. “ As of the feasibility of the proposed fertilizer by Mr. Henares, there’s no improvement, a lot of conversion of Ammonia to Urea is needed to obtain—” di na naituloy ni Jane ang tungkol sa fertilizer dahil nagsalita si Gian.

“ Boyfriend mo ba siya?” tanong ni Gian na nakatingin sa sahig.

“Si Mr. Henares? Hindi po.” Seryosong sagot ni Jane. Ano ba matanda si Mr. Henares! Iniisip ba nitong kailangan ko ng sugar daddy? Sambit niya sa isip niya.

“Let’s not play here Jane. Si Galen Hermoso ang tinatanong ko.” Tumikhim muna siya bago sumagot.

“Linawin niyo po kasi. Well, it’s none of your business sir.” Matapang na sagot nito.

“I said drop off the Sir thing. And I am the boss, answer my question!” galit na sambit nito. Sound proof naman ang opisina nito kaya okay lang.

“Okay fine! Walang Sir! Wala kang pakialam sa personal kong buhay Gian kaya hindi ko na kailangang i-report pa sayo kung boyfriend ko si Galen o hindi!” galit na sagot niya.

“I need to know! Because I’m still a part of you!” confident na sagot nito.

“Ang kapal talaga ng mukha mo kahit kailan. Hindi ka na parte ng buhay ko Gian! Simula ng iniwan mo akong parang tuta. Alam mo ba kung gano kasakit? Kung gano kasakit ang iwan mo kong walang alam! Na hindi ko man lang alam ang dahilan!” sambit niya habang sunod sunod ang pagpatak ng luha niya.

“I know what you felt.” Malungkot na sambit ni Gian.

“No! Wala kang alam! Dahil kahit tawag o text man lang wala! Hindi ka nagparamdam! Akala ko nga patay ka na. O mas tamang sabihin na pinatay na kita para matapos na….Minahal kita Gian, pero iniwan mo akong nagtatanong ng bakit.” Sambit nitong napaupo pa sa sahig.

“I’m sorry. Sana sinabi ko na lang. Sana sinabi ko na lang ang dahilan. Sana hindi kita nasaktan ng ganyan.” Simpatya naman ni Gian na halata sa kanyang mata ang pagsisisi.

“Puro ka sana eh alam mo yon? Sana nga talaga wala ka na lang. Sana hindi na kita nakita ulit dahil simula ng makita kita laging bumabalik sakin ang nakaraan!” mahinang sambit niya dahil mas nanaig na ang iyak niya.

“Sorry, Jane. I will tell you someday. Kapag okay na tayo.” At hinaplos niya ang buhok nito saka niyakap ng mahigpit. Hindi naman namalayan ni Jane na gumanti rin siya ng yakap dito. At least nailabas niya ang kanyang sama ng loob. Hindi na niya maalala ang mga sumunod na nangyari.

Nagising si Jane sa tunog ng cellphone niya. Hindi iyon tawag. Text message iyon, so sigurado siyang hindi si Sue o kaya naman hindi rin si Galen. Binasa niya iyon.

“Jane. Can we talk?” basa niya sa text. Hindi naka- register ang number nito.

“Who’s this?” tanong niya. Mabilis na nag-reply ang katext niya. Nasabi niya sa sarili niya waw addict to sa pagtype.

“Gian to” reply ng katext niya. Natawa siya. Si Gian magtetext? Ano to? Fraud? Sabi niya sa sarili niya.

“Lam mo? Good timer ka no? Mang good time ka na lang ng iba. Nagsasayang ka ng oras!” reply niya. Wala pang isang minuto may reply na ulit ito.

“Sungit ☹” napanganga siya. At talagang may sad face pa? Feeling ha. Isip niya.

“Oo naman! Sino ka ba kasi!!!” reply niyang parang galit.

“Si Gian nga ang kuleet mo naman Alfia!” reply naman ng katext niya. Bigla siyang napakurap sa nabasa niya. Ilang minuto siyang nag- isip kung magrereply ba siya o hindi. Feeling niya tuloy para silang teenager ulit na walang magawa kundi mag- unli at magtextan. Di bale naka- plan naman siya. So keribels.

“Okay fine naniniwala na ako. Bakit tayo mag- uusap? Ala- una pa lang ng umaga!” reply niya.

“Galit ka ba?” reply naman ng isa.

“Hindi! Talagang ganyan kapag istorbo sa pagtulog ang katext ko!” reply nitong nakasimangot.

“Eh bakit ka nagreply kung istorbo pala ako?”

“Joke ba yan?! Siyempre di ko kilala di rereplyan ko ng who u? diba?”

“Ahh ganon ba? So, pwede na tayong mag- usap?” tanong nito.

“Ano ba pag- uusapan?”

“Bukas sa cafeteria. Pwede?” tanong nito.

“Parang makikipag- eyeball lang ah.” Reply niyang nakangiti pa.

“Haha. Let’s put it that way. ☺” reply naman ng katext niya. Ewan niya kung bakit pero kinikilig siya.

“Hindi pwede!” reply naman niya. Itetest niya muna ang kaya ng powers ni Gian para mapapayag siya. Malaki ang kasalanan nito sa kanya kaya dapat lang kahit siya ang boss.

“Why? ☹” reply naman ng katext niya. Natawa na naman siya sa sad face.

“Ang arte mo! Tanggalin mo nga yang mga sad face diyan!” reply niya

“Opo. (Sad face)” reply ng katext niya. Natawa siya. Para talaga silang bumabalik sa pagkateenager.

“Nakakainis ka na ah! Sabeng walang ganyan ee! Ang kulit mo! ” pang- aasar nito.

“haha. Nakakatawa ka talaga. Bakit hanggang dito sa text ang cute mo?” reply naman ng isa. Kinilig siya doon pero alam niyang magaling mambola si Gian.

“Hindi kita kakausapin! Bahala ka nga diyan! Good Night!!!!” reply niya. Ipipikit na niya ang mata niya ng may tumawag.

“Helo?” sambit niya.

“Bakit ka nagagalit?!” sigaw ng nasa kabilang linya. Si Gian iyon.

“Hindi ako galit” mahinahong sagot nito sa kanya. Hindi talaga siya galit. Nagd-drama lang siya.

“O bakit ganon text mo?” tanong naman ng isa.

“Siyempre… Bakit ba ang dami mong tanong?! Magpatulog ka nga! Istorbo!” sigaw nito. Ngayon naiinis na siya.

“Wait lang. Basta mag- uusap tayo bukas.” Sumbat nito.

“Opo sir.” Yun lang at pinatay na niya ang cellphone niya. Nakatulog siya ng mahimbing.

“Magtititigan lang tayo?” tanong ni Jane kay Gian. Isang oras na ata silang nakaupo at pasulyap- sulyap sa isa’t isa o kaya naman magtitigan lang.

“I missed those snares.” Sabi lang ng kaharap niya.

“Talaga? Hindi kita namiss eh.” Malamig na sabi nito kahit sa loob loob niya ay gusto niya itong halikan.

“I miss those eyes. Those lips, I missed you Jane.” Sambit nito.

“Palagi tayong magkasama. Sa opisina, sa laboratory at sa mga meetings. Baliw ka talaga.” Sagot lang nito.

“I must be crazy then.” Seryosong sambit nito.

“Gian, ano ba talagang pag- uusapan natin?” tanong naman nito.

“Wala.” Seryosong sagot nito. Naiinis na siya. Napuyat siya dahil sa katetext niya. Nagkaeye bags pa siya! Tapos wala lang?

“Nakakainis ka na talaga alam mo yon? Kinulit kulit mo ako para lang sa wala? Eh kung sipain kaya kita diyan?” sunggab niya dito.

“Easy ka lang. Excited ka naman masyado eh. Okay na tayo diba?” tanong ni Gian sa kanya.

Nagkibit balikat muna siya bago sumagot. “Ewan ko. Oo? Siguro? Bakit?”

“Ahm Jane, I—” hindi niya na maituloy dahil nag- ring ang cellphone ni Jane.

“Hello?” tanong ni Jane sa kanyang kausap na nasa kabilang linya.

“Pwede ka ba mamayang gabi?” tanong ni Galen.

“Mamayang gabi? Ah siguro. Why?” sambit nito.

“We need to talk.” Seryosong sambit nito.

“Okay then, I’ll see you. Bye.” At saka niya pinatay ang cellphone niya.

“You were saying?” baling niya kay Gian na nakakatitig lang sa kanya habang kinakausap niya so Galen sa kabilang linya.

“Was that Galen?” pagbabalik tanong naman nito.

“Ah, oo” pagsagot niya

“Boyfriend mo na siya?” tanong niya.

“Secret. Bakit?” tanong naman niya. Nagkibit balikat muna si Gian bago sumagot.

“Wala.” Seryosong sambit niya.

“Ano yung sasabihin mo?” pagbabalik niya sa usapan nila.

“Let’s talk about that some other time. Let’s go back to work.” Yun lang at umalis na ang kausap niya. Hindi man lang siya nakakurap. Sa isang oras nilang magkasama hindi niya pa nasabi ang dapat sabihin. Naiinis siyang sumunod sa boss niya.

----------------------------------------END OF PART ONE--------------------------------------------------